

Nang panahong iyon, iniutos ni Emperador Augusto na magkaroon ng sensus sa lahat ng nasasakupan ng Imperyo ng Roma. Ang unang sensus na ito ay ginawa nang si Cirenio ang gobernador ng Siria. Kaya't umuwi ang bawat isa sa sari-sariling bayan upang magpatala. Mula sa Nazaret, isang lunsod sa Galilea, si Jose ay pumunta sa Judea, sa Bethlehem na bayang sinilangan ni Haring David, sapagkat siya'y mula sa angkan ni David. Kasama niyang umuwi upang magpatala rin si Maria na kanyang magiging asawa, na noon ay kabuwanan na. Habang sila'y nasa Bethlehem, sumapit ang oras ng panganganak ni Maria. Isinilang niya ang kanyang panganay, na isang lalaki. Binalot niya sa lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban, sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan. **D**oon ay may mga pastol na nasa parang at nagbabantay ng kanilang mga tupa nang gabing iyon. Lumapit at tumayo sa kalagitnaan nila ang isang anghel ng Panginoon at nagliwanag sa kapaligiran nila ang nakakasilaw na kaluwalhatian ng Panginoon. Ganoon na lamang ang kanilang pagkatakot. Ngunit sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang magandang balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon. Ito ang inyong palatandaan: matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa isang sabsaban." Bigla nilang nakitang kasama ng anghel ang isang malaking hukbo ng mga anghel sa kalangitan. Sila'y nagpupuri sa Diyos at umaawit, "Papuri sa Diyos sa kaitaasan, at sa lupa ay kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya!" **N**ang makaalis na ang mga anghel pabalik sa langit, ang mga pastol ay nag-usap-usap, "Tayo na sa Bethlehem! Tingnan natin ang pangyayaring ito na ibinalita sa atin ng Panginoon." **N**agmamadali silang pumaroon at natagpuan nila sina Maria at Jose, at ang sanggol na nakahiga sa sabsaban. (Lucas 2: 1—20 Ang Bagong Balita Biblia)

Kairos Palestine

Paskong Panawagan 2014

Pagbati sa Pangalan ng ating Panginoong Jesu Cristo, ang Panginoon ng Kapayapaan.

Nanalangin tayo, nawa'y ibuhos ng Diyos ang masaganang pagpapala sa Kanyang Nilikha lalo't higit sa Banal na Lupain na kung saan ang Panginoon ng Kapayapaan at Katarungan ay isinilang, lumaki,

nakipamuhay at sa huli'y ibinigay ang kanyang buhay para sa katubusan ng marami. Sa kasalukuyan humaharap ang ating rehiyon sa napakahigpit na pagsubok at pangyayari, ang ating Syrian Orthodox Church ay nakikipagkaisa sa pananalangin para sa kapayapaan at kapanatagan, para sa katarungang panlipunan na siyang dapat maranasan ng bawat tao at di nagtatangi anuman ang pananampalataya, lahi at kasarian. Umaasa tayo, na sa pamamagitan ng nagkakaisang lakas ng pananalangin, diringgin ng ating Makapangyarihang Diyos ang ang ating mga dalangin at babaguhin ang kasalukuyang nangyayari na nanalanta sa ating rehiyon at sa mga mamamayan nito.

Nanalangin tayo na nawa ay umusbong ang pag-ibig sa puso ng bawat tao anuman ang kanilang pananampalataya o lahing pinagmulan at ng magkagayo'y ang bawat isa'y mamuhay ng sama-sama na may kapayapaan at pagkakasundo.

Nawa ang biyaya, pag-ibig at kapayapaan ng ating Panginoon ay sumating lahat.

Severios Malki Mourad

Archbishop of the Syrian Orthodox Church in Jerusalem, Holy Land and Jordan

Panimula

ni By Rifat Odeh Kassis

Papalapit na naman ang Araw ng Pasko at laganap pa rin ang kawalang katarungan sa lupain ng kapayapaan. Muli tayong umaasa, nanalangin na nawa ang nalalapit na bagong taon ay maging iba kaysa dati, nawa matitigil na ang karahasan, mapawi na ang kawalang katarungan, at umiral na ang kapayapaan na may katarungan.

Noong 26 ng Nobyembre 2013, idineklara ng Pangkalahatang Asembleya ng UN ang taong 2014 bilang Pandaigdigang Taon ng Pakikipagkaisa sa Mamamayang Palestina kasabay ang pagtatalaga sa Committee of the Exercise of the Inalienable Rights of the Palestinian People na mag-organisa ng mga gawain patungkol dito sa buong taon, sa pakikipagtulungan ng mga Gubyerno, iba't—ibang organisasyon sa ilalim ng United Nations, at iba't-ibang organisasyong sibil. Ngunit, sa kabila ng deklarasyong ito ay ang katotohanang ang taong kasalukuyan ang siyang naging pinakamadugo at pinakamasakit na taon para sa mamamayang Palestina. Habang sinusulat ko ang sulating ito, kasalukuyang naglulunsad ng mapanupil na giyera ang gubyernong Israel laban sa Gaza. Daan—daang sibilyang Palestino ang nasawi, kasama ang maraming bilang ng mga bata — ayon sa tala umaabot na ng 1,400 ang namatay habang higit 8,000 ang sugatan. Nakakagulat ang labis na pagkawasak na ito. Walang katumbas na halaga at hindi na maibabalik ang buhay ng naparaming bilang ng mga bata, o mga anak na lalaki o babae, mga ina o ama na nasawi dulot ng karahasang ito. Ang sugat at kirot na dulot nito'y mananatili habang buhay.

Sa mga panahong ito, kailangang pagtuonan natin ng pansin yaong mga bagay na magagawa natin, hindi yaong mga bagay na hindi na natin mababago pa, isipin natin ang milyun-milyong Palestinong

refugees sa buong daigdig at kung paano natin sila susuportahan, itataguyod ang kanilang naisin at mananawagan para sa kanilang karapatang makabalik sa tinubuang lupa. Isipin natin ang milyun-milyong pamilyang Palestina na pinaghiwalay ng pang-aagaw ng lupain ng Israel, ng mapanghating pader, pinagbabawalang kumilos, nawalan ng tirahan, at kung paano natin pa-iigtingin ang kampanya para sa kanilang muling pagsasama. At isipin rin natin, yaong mga Palestinong ikinulong ng Israel — marami sa kanila ay bata, kababaihan at matatanda; marami sa kanila ay walang sala at walang nakasampang kaso; marami sa kanila’y taon na ang binibilang sa loob ng mga piitan. Labis silang nagdurusa; at gayundin ang kanilang pamilya.

Ang taong 2014 ay itinalaga ng World Council of Churches bilang “World Week for Peace in Palestine and Israel” kaya’t mahalagang bigyan natin ng pansin ang aping kalagayan ng mga bilanggo, at kung paano tayo makikipagkaisa sa kanila. Tunay, marami tayong magagawa para sa mga bilanggo: makakapagsasama—sama tayo para ituwid ang kawalang katarungang ginawa laban sa kanila. Ipanalangin natin sila at ang kanilang mga mahal sa buhay, mag-ingay tayo para sa makataong pagtrato sa kanila, maging tagapagtaguyod tayo ng kanilang kagalingan at ipanawagan ang kanilang karapatang legal at ganap na paglaya.

Setyembre 21—28 maraming bansa sa buong daigdig ay nakiisa, sa pamamagitan ng paglulunsad ng iba’t-ibang gawain ng pakikipagkaisa sa mga bilanggo at kanilang pamilya.

Sa Paskong Panawagang ito, itinatalaga natin ang isang Linggo sa panahon ng pagdatal upang gawin ang kahalintulad na gawain; upang bigyang liwanag ang kalagayang kanilang kinakaharap, at ipahayag ang ating pagmamalasakit at pagsuporta sa ngalan ng kapayapaang nakabatay sa katarungan.

Pagtuonan natin ng ibayong pansin ang kalagayan ng mga menor de edad na ngayon ay nakapiit. Hindi natin lubos maisip, na sa panahong ito ng 21 siglo, may mga batang mas mababa sa 12 taon ang inaresto, ikinulong at hinatulan sa korteng militar. Subalit ito ang reyalidad na nangyayari sa bansang Israel — hindi bababa sa dalawang bata ang inaaresto at inaabuso sa bansang ito kada gabi — kaya’t marapat ng magbago ang kalagayang ito.

Ating nababatid na ang lahat ng ito’y magbabago kung magsasama—sama lamang tayo laban sa kaapihang ito, kung maninindigan tayo para sa tunay na pagkakapantay—pantay; kung magkakaisa tayo sa pananampalataya, pag-asa at pag-ibig. Ang inyong pakikipagkaisa ay kailangan, at ito’y aming ipagpapasalamat.

Aming nakikita na ang kampanyang Boycott, Divestment and Sanctions (BDS) ay mabisang paraan laban sa pananakop na ito ng bansang Israel upang solusyunan ang di pagkakasundong ito sa mapayapang paraan. Umaasa kami sa inyong pakikisangkot sa paglulunsad ng kampanyang ito at pagtataguyod sa hangarin ng mamamayang Palestino.

Ang Paskong Panawagang ito ay umaasa ng suporta na magmumula sa inyo upang baguhin ang kasalukuyan sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga sumusunod na gawain:

1. Mungkahing ipamahagi at pag-aralan ninyo ang mga batayang materyal at magkaroon ng pang-teolohikal na pagninilaynilay tuwing Linggo ng Pagdatal sa loob at labas ng inyong iglesia upang kanilang malaman at maunawaan ang kalagayan ng mga kapatid nating Palestino na naninirahan sa ilalim ng pananakop ng Israel.
2. Mungkahing ipamahagi o ipadala natin ang Paskong Panawagang ito sa mga iglesia at parokya sa inyong bansa.
3. Mungkahing magpadala kayo ng mga liham ng pakikiisa at pagsuporta para sa pagkakamit ng katarungan sa Palestine/ Israel sa mga Embahada ng Israel sa inyong bansa. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin lamang ang website na ito www.allembassies.com/israeli_embassies.htm
4. Kung kayo'y mangingibang bansa mungkahi na puntahan ninyo ang bansang Palestine at ng masaksihan ninyo ang konkretong kalagayan ng mga mamamayan doon. Malugod namin kayong tatanggapin upang ilahad sa inyo ang katotohanan ng aming kalagayan, ituturing namin kayong manlalakbay upang manalangin, dala ang mensahe ng kapayapaan, pag—ibig at pagkakasundo. Aming ibabahagi sa inyo ang konkretong kalagayan sa lupaing ito, maging mamamayang Palestino o Israelita man.
5. Mungkahi na ipagbigay alam ninyo sa mga kapatid nating Palestino ang inyong pakikisangkot sa Paskong Panawagang ito sa pamamagitan ng pagsulat sa email na ito: info@kairospalestine.ps

Sa pamamagitan ng inyong tulong at suporta, aming tinatanaw na sa hinaharap ay makapamumuhay rin kami ng may kapayapaang may katarungan: ang kapayapaang ito na ninanasa ng lahat ng mga tao, ang kapayapaang ito na una ng ipinahayag sa Bethlehem.

Rifat Odeh Kassis

Kairos Palestine—A moment of truth

Pangkalahatang Tagapagugnay

Ang Kairos Palestine ay nagpapasalamat sa lahat ng tumulong upang maisakatuparan ang Paskong Panawagang ito, lalo na sa mga sumusunod

H.G. Severios Malki Mourad, Archbishop of the Syrian Orthodox Church in Jerusalem, Holy Land and Jordan;
H.G. Archbishop Aris Shirvanyan, Chancellor of the Armenian Patriarchate of Jerusalem; H.E. Bishop William

Shomali; Manar Makboul, Kulsoom Ijaz, Rasha Bani-Odeh, Rev. Joram H. Calimutan, Grace Zoughbi and Munther Isaac.

Please note that the deadline for the submission of the texts was in July 2014. Updated numbers and figures can be found on the websites of the contributing organizations.

Unang Linggo ng Pagdatal

Dumaan siya rito...Sumakanyan nawa ang kapayapaan

Mula sa Center of Liberties and Rights

Nagmula sa lupang sinilangan ni Jesus, ang mga kuwento'y iniluwal. Mula sa Palestino lungsod ng mga Cananeo na lumaban sa mga mananakop sa loob ng maraming taon, ang lunsod na nakipaglaban sa Babilonia, Assyrian, Persian, Griyego, Roma at mananakop na Byzantine. Mula sa lungsod na nagbigay proteksyon sa mga dambana at banal na iglesiang nakatayo rito. Mula sa inookupahang Bethlehem, ang lungsod na sinakop ng Israel simula pa noong 1967 kinamkam ng mga dayo ang malalawak na lupain at ngayo'y pinaghaharian ng dayong kapangyarihan 47 taon na ang nakalilipas.

Ang daan mula sa Ramallah patungong Bethlehem ay hindi kalayuan, sapagkat inaasahan na namin ang panibagong pasakit. Sa pasimula, pumunta kami sa Church of Nativity upang kapanayamin si Father Jamal Khader, pinuno ng Latin Patriarchate Seminary sa Beit Jala at isa sa mga nagsulat ng Kairos Document upang alamin kung ano ang pagtingin ng mga Kristiano tungkol sa kalagayan ng mga bilanggong Palestino na nagdurusa sa mga piitang sakop ng Israel.

Tinanong namin siya tungkol sa mga bilanggong Palestino, indibiduwal, pamilya, kanilang mga kaanak at tungkol sa kanyang relihiyosong pagtingin tungkol sa ginagawa ng Israelita, at ang tugon niya:

Ang pananakop ng Israel ang siyang pinakadahilan, ang pangunahing kasalanan, ang malaganap na kawalang katarungan at ang kasuklam-suklam na kasamaang ating nasasaksihan. Pangangamkam ng lupa, demolisyon ng mga tahanan, pagpapalayas, pagbawi ng mga ID's, pagdami ng mga bilango at pagkasawi ng maraming buhay lahat ng ito'y nangyayari dahil sa pananakop na ito ng Israelita. Lahat ng ito'y matatapos kung ganap na ring matatapos ang pananakop na ito sa bansang Palestina.

“Yaong mga bilango, ang labis na nagdurusa sa lahat ng mga Palestino. Sinakripisyo nila ang kanilang buhay para sa iba. Kagayan ni Jesus sa panimula ng kanyang ministeryo ay nagsabi: *“Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, Sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita. Sinugo niya ako upang ipahayag sa mga bihag na sila’y lalaya. (...)”* (Lucas 4: 18)

Ito ang simula ng mensahe ni Jesus kung saan tuwiran niyang binanggit ang ang mga bilanggo, sinisiil at pinahihirapan. Ang mga bilanggo ay bahagi ng kabuoang pakikibaka ng mamamayang Palestino, hindi maitatawang bahagi ng ating minimithing kalayaan at kasarinlan. Bilang mga Kristiano, Palestino at mamamayan kailangan nating manindigan kasama ng mga bilanggo silang nag-aalay ng buhay para labanan ang pananakop na ito.”

Nang tanungin namin siya tungkol sa palagiang suliraning kinakaharap ng mga pamilya ng mga bilanggo kasama na ang galak at kaligayahan, lalo’t higit ngayong nalalapit na ang Araw ng Pasko, kanyang sinabi: “Pinakamahalaga ang pagpapakatao, naranasan ko mismo ito ng ang aking kapatid na lalaki ay mabilanggo ilang taon na rin ang nakalilipas. Hindi masaya ang Pasko ng may pangungulila at sa tuwina’y laging nasa panganib ang aming buhay. Sa tuwing bibisitahin ko ang aking kapatid sa bilangguan nakapagbibigay ako sa kanya ng dahilan upang patuloy na mabuhay at panaka-nakang kasiyahan, subalit pagkatapos ng bawat pagbisita aking nararamdaman ang kabiguan kung siya’y hindi ko nakita at hindi namin siya nakapiling.

“Sila ang aming mga bayani, silang pinagmumulan ng aming inspirasyon, nais namin silang makapiling, nais naming ganap na silang makalaya at nais rin naming matapos na ang sakit na kanilang nararamdaman at ng sa gayo’y makapamuhay silang ng normal tulad natin. Idinagdag din niya: “Kailangan nating magtulong-tulong upang wakasan na ang labis na kasamaang ito, ang pananakop na ito, at mapawi na ang lahat ng masamang epekto nito sa ating buhay at ng sa gayo’y ganap ng magwakas ang pananakop na ito. Kailangan nating magpursige upang makauwi na ang mga bilanggo at makapagsimula sila ng bagong buhay kasama ang kanilang pamilya.”

Natinag kami sa mga salitang ito ni Fr. Jamal, pinatibay nito ang aming pananampalataya, na siyang nagbibigay ng katiyakan, ng katatagan at katiwasayan. Ang kanyang mensahe ay nagudyok sa amin upang muli ay maniwala na gaano man katagal, ang pananakop na ito’y magwawakas din ayon sa sinasabi ng Banal na Kasulatan na siyang nagpapatotoo laban sa digmaan at kawalang katarungan.

Sa loob ng nasasakupang bulunduking lugar ng Palestina, sa pagitan ng mataas na lugar ng Bethlehem at sa silangang bahagi ng bundok Hebron, naroon ang bayan ng Taqou. Tumuloy kami roon upang kausapin ang pamilya ng isang bilanggong Palestino. Si Riyad Dakhllallah Li’mour ipinangak noong 18/06/1971, inaresto noong 07/05/2002, at sinentensyahan ng 11 taong pagkakabilanggo. Isa siyang asawa, ama at bilanggo na ginugugol ang halos 13 taon sa loob ng klinika sa piitan sa Ramleh dahil sa matinding karamdaman.

Sa mga mukha ng mga magulang ni Riyadh ay mababakas ang labis na kapaguran at tanda ng mahabang panahon ng pakikibaka; kasabay ng kanilang pagsasalita ay ang pagtulo ng luha sa kanilang mga mata, pinipilit nilang magsalita upang maghatid kahit konting lakas ng loob sa mga kaluluwang nagdurusa sa loob ng mga bilangguang sakop Israel. Malugod nilang tinanggap ang aming mga kasaama sa organisasyon na tila ba nalalapit na ang paglaya, na parang nalimot na namin ang mga ala-

ala ng nakaraan. Bawat isa sa kanila ay tila aming nakikita at naririnig si Riyadh, kalaunan habang naroroon kami, hindi na rin nila magawang umiyak pa.

Ang mga mukhang yaon ay ang mga mukha ng nanay at tatay ni Riyadh. Nagsimulang magsalaysay ang kanyang ama ng matiyak niyang katabi niya ang kanyang asawa na siyang mas nakakaalam ng pangyayari: Katulad ng lahat ng mga bata, mahal na mahal ni Riyadh ang Palestina noong kabataan niya; noon pa ma'y gusto na niyang ipagtanggol ito at labanan ang mga mananakop. Halos labingpitong taong gulang pa lang siya noon ng mabaril siya sa puso noong panahon ng unang Intifada, resulta nito napinsala ang kanyang atay, naapektuhan ang bahagi ng duodenum valve at gallbladder na nagresulta ng kanyang pagkakoma sa loob ng apatnapung araw sa Al-Maqased hospital. Sa panahon ng ikalawang Intifada muli siyang nabaril sa torso, sa hita at sa leeg. Dalawa sa balang tumama sa kanya ay nasa katawan pa rin niya hanggang sa ngayon. Sumama siya sa hukbong mapagpalaya sa Bethlehem sa kabila ng kanyang mga pinsala at sa loob ng dalawang taon patuloy siyang pinaghahahanap, simula noon isang beses lamang siyang nakita ng kanyang mga magulang. Noong 07/05/2002 pumunta si Riyadh sa tahanan ng kapatid niyang lalaki upang humingi ng pagkain, ngunit bago pa man siya makaalis, napaligiran na ng mga sundalong Israelita ang kanilang tahanan at pinagbabaril sila.

Parang tumigil ang mundo namin, at di namin napigilang maluha. Hindi kami napigilan ng mga kasama naming media at kamanggagawa na huwag umiyak ng lumuluhang sinabi ng kanyang ama: "Dinala nila ako at sinabi nila na si Riyadh ay nasa bahay ng kanyang kapatid na lalaki, asintado siya at mamatay tao, gusto nilang mahuli siya ng buhay at hindi patay. Ayaw raw nilang pasabugin ang bahay habang naroroon siya sa loob, kaya't pinagsuot nila ako ng bulletproof vest, at kagyat kong pinuntahan si Riyadh. Namayat siya at parang hinahabol niya ang kanyang paghinga. Sinabihan ko siyang sumuko na, subalit ang sabi niya: "Mahal kong ama, ako'y nakikipaglaban sa mga mananakop gayunma'y gusto mo akong isuko sa kanila? Tugon ko sa kanya: "Gusto nilang patayin tayong lahat at wasakin ang ating tahanan!", tugon ni Riyadh, "Kung iyan ang nais nyo ama." Gusto nilang dakpin siya ng hubo't-hubad, subalit tumutol siya, sinabihan nila akong magpaalam na sa aking anak, kasunod noo'y itinanikala nila at dinakip ang aking anak. Hinatulan nila ang aking anak ng labing isang taong pagkabilanggo.

"Mula sa bilangguan sa Beersheba ay inilipat siya sa klinika sa bilangguan sa Ramlah dahil sa pinsalang kanyang nakamit at dahil na rin sa hindi tinugunan ang kanyang mga medikal na pangangailangan sa loob ng bilangguan, napinsala na rin 'pacemaker' sa kanyang katawan. Binabata niya ang pananakit ng ulo, fluid retention, araw-araw siyang hinihimatay at tinitii ang labis na kapaguran.

Habang nakayuko, nagsimula ng magsalaysay ang ina ni Riyadh, "Ipinagmamalaki ko si Riyadh, nawa ay kagyat siyang makalaya, sa simula pa ay marami na siyang tinitii sa kanyang buhay. Marami ng operasyon ang kanyang pinagdaanan. Dinala namin siya sa Haifa at Yafa noong bata pa siya para gumaling, at isinailalim sa operasyon sa puso.

"Sa tuwina'y aking naaala-ala si Riyad. Siya ang aking pinakapabarito sa kanilang magkakapatid na lalaki. Sa simula pa'y masasaktin na siya noong 6 taong gulang pa lamang siya. Marami na siyang tiniis dahil sa kanyang karamdaman. Labis akong nagaalala sa kanya dahil sa matinding sakit na kanyang dinaranas. Nagiwan siya ng puwang sa aking puso.

Ako ang asawa ng bilanggong si Riyad Limour; nagpakasal kami noong 1991 nang ako'y labing limang taong gulang pa lamang. Pagkatapos ng dalawang taon naming pagsasama ay pinagkalooban kami ng anak na babae si Aya. Simple lang aming buhay at nagkaroon pa kami ng apat pang mga anak. Ngunit palaging hinihimatay si Riyad, at sa tuwina'y dinadala namin siya sa ospital, doon nalaman namin na ang isa sa balbula ng kanyang puso ay hindi na gumagana at ang pacemaker na inilagay sa kanyang katawan ay tumatama na sa kanyang puso.

Isang araw siya'y dinakip, ramdam ko noon na nasa bayan lang si Riyad, nakikita kong parang may mali at nangangalisag ako sa takot. Nagkalat ang mga sundalong mananakop. Nang siya'y arestuhin tinawagan ako ng opisyal upang sabihing magpaalam na ako sa kanya. Kalong ko noon ang aking sanggol na lalaki, ginising siya ni Riyad at tinitigan niya ako. Nang ipagtulakan nila si Riyad sa sasakyan pakiramdam ko'y humiwalay ang aking kaluluwa sa katawan ko. Binanggit ng pinakamamahal kong si Riyad ang mga huling salita niya sa akin: "Huwag kang mag-alala, makakalaya rin ako Inshallah. Alagaan mo ang ating mga anak at magpakatatag ka." Ngunit bago sila umalis, ang isa sa mga sundalo'y nagwika: "Huwag ka ng umasang makikita pa siyang muli. Hindi na siya makakabalik sa iyo ng buhay."

"Inilayo nila si Riyad sa akin. Patuloy ko siyang hinihintay sa loob ng labing tatlong taon. Sana narito siya tuwing may mga kapistahan kasama ng aming mga anak. Sana kasama namin siya sa tuwing magkakatipon ang buong pamiya. Ako na ang tumatayong ama at ina sa aming mga anak habang sila'y lumalaki. Isa sa kanila ay nag-aaral sa akademya, at ang isa naman may asawa na, sa lahat ng ito hindi ko nakasama si Riyad. Nanatiling may kulang sa buhay namin. Kailangan ng mga anak ko ang kanilang ama at hinahanap-hanap nila ang kanyang pagkalinga. Kung makakalaya lang si Riyad mula sa bilangguan siguro mamatay ako sa labis na kaligayahan kapag nakita ko siya. Sa tuwing matutulog ako, lagi akong nasasamid. Sa loob ng labing tatlong taon tila isa na rin ako sa mga bilanggo."

"Sa kanyang pagkawala nawalan na ng saysay ang aking buhay. Hindi nabuhay si Riyadh sa kung ano ang nais niya — at kami man ay hindi nabuhay sa kung ano ang ninanais namin. Hindi lang nakabilanggo si Riyad, may sakit rin siya. Napahagulhol at napaiyak ako ng makauwi sa bahay, pagkatapos ng huling pagbisita ko sa kanya. Sinubukan ni Riyad na kumbinsihin ako na malusog ang kanyang pangangatawan, ngunit hindi maitatago ang pagbaba ng kanyang timbang ng 16 kilo, hindi na gumagana ang kanyang pacemaker, lagi siyang nahihimatay at hindi na tumatanggap ng tubig ang kanyang katawan. Nalalaman ko ang kanyang kalagayan sa pamamagitan lang ng pagtitig sa kanyang

mga mata. Kung tatanungin naman ang relasyon ko sa kanyang pamilya, mabuti ang aming ugnayan, ngunit hindi nito kailanman mapapalitan si Riyad. Sa panahon ng Al—Eid tila bahay ampunan ang aming tahanan dahil hindi masaya ang aking mga anak. Lumaki sila ng hindi man lang nila nakikita ang kanilang ama. Hindi sila katulad ng ibang mga bata. Hindi man lang niya nahalican ang noo ng kanyang mga anak tuwing umaga, at hindi man lang nila siya nayakap.

Nang tanungin namin siya tungkol sa klinika sa bilangguan sa Ramleh at ang pagbisita niya kay Riyad sabi niya: “Pumunta kami sa tsekpoint sa Tarqumia ganap na ika—4:00 ng umaga. Kinapkapapan nila kami, at sinumang babae na kanilang mapaghinalaan, ay kanilang pinaghuhubad at saka nila kakapapan. Nakarating kami sa klinika magiika-apat na ng hapon. Puno na ang silid para sa mga bisita, at maihahalintulad ang klinika sa isang katayan, pansamantalang libingan. Nakita ko ang bilanggong si Nahed Al—Aqra naputulan siya ng paa, at ang bilanggong si Mo’taz Obeido na nasa silyang de gulong (wheelchair). Ang kanilang kalagayan ay patunay lamang na hindi ito isang klinika. Parang dinudurog ang aking puso sa mga nakikita ko sa tuwing ako’y makakauwi sa aming tahanan.

Ang kanyang pangkalahatang mensahe; mensahe ng isang ina at asawa: “Para sa mga mag-asawa sa daigdig, nawa’y maramdaman ninyo ang nararamdaman ko at ng aking mga anak. Sa mga panahong iniwan ninyo ang inyong mga anak kahit isang Linggo lang, hindi ba’t hindi maipaliwanag ang inyong pangungulila. Ako at ang aking mga anak ay patuloy na naghihintay sa loob ng labingtatlong taon masilayan man lang ang kanyang mukha. Umaasa kami na mararamdaman ng sandaigdigang ang nararanasan naming pagtitiis at paghihirap na siya ring nararanasan ng mga bilango ng sa gayo’y dumating ang isang araw na makapamuhay sila ng normal kasama ang kanilang mag anak at asawa. Walang kasiyahan, walang buhay kung wala si Riyad. Hindi namin nais na lumaya siya na isang martir—may sakit siya. Iligtas nyo siya. Nawa ang Diyos, ang Pangulo at ang buong daigdig ay makipagkaisa sa akin at ating alalahanin ang mga may sakit na bilango. Sila ang dapat nating unahin.

Ang mga bata:

Hindi gasinong nagsasalita ang panganay niyang si Aya. Isinilang siya noong 1/1/1993 at siyam na taon lamang siya ng dakpin ang kanyang ama. Nagkapag-asawa siya ng panahong nakabilango ang kanyang ama. Ang ama ko ay bilango. Nasa ikatlong baitang ako noon ng palabasin kami ng eskwelahan dahil napapaligiran kami ng mga sundalong Israelita. Hindi ko alam kung ano ang nangyayari noon. Sana nakita ko siya noon at tiyak iiyak ako ng malakas. Lumaki ako ng wala siya at nagpakasal ng wala siya. Sana naroon siya hinahawakan niya ang aking kamay habang inihahatid niya ako sa tahanan ng aking asawa, ngunit hindi ko siya nakita. Ang bawat ikinakasal ay umaasa na ito ang maging pinakamaligayang araw ng kanilang buhay, ngunit ako, hindi katulad ng marami umiiyak ako sa buong araw ng aking kasal. Hindi ako masaya, subalit alam kong ako ang laman ng puso at isip niya.” Kuwento niya. “Dahil wala sa piling namin ang aking ama, hindi ko man lang naipagdiwang ang pagkakaroon ko ng mga anak. Sa tuwing Eid umaasa ako na bibisitahin niya ako, kakatok siya sa pintuan at yayakapin ako ng mahigpit.

Montaser: Ang panganay na lalaki ipinanganak noong 27/9/1994. Walong taon lamang siya ng dakpin ang kanyang ama. Nakatapos siya ng sekondarya ng hindi man lang nakikita ang kanyang ama. Sa ngayon si Montaser ay nag-aaral sa Military Academy sa Jericho.

Lina: ipinanganak siya noong 3/08/1996 limang taon lamang siya ng dakpin ang kanilang ama. Sa kasalukuyan siya ay nasa sekondarya na.

Malak: ipinanganak noong 17/09/1998 apat na taon lamang siya ng dakpin ang kanilang ama. Sa kasalukuyan siya ay nasa ika-10 baitang na.

Mohammed: isinilang noong 8/10/2000 dalawang taon lamang siya ng dakpin ang kanyang ama. Nasa ika—9 na baitang na siya sa kasalukuyan.

Nananatili ang pag-asa'y ng patayin namin ang aming camera at recorders. Nagpaalam na kami at tumungo sa aming sasakyan papunta sa bus na magdadala sa amin sa Ramallah. Nakakatiyak kami na sa bawat tahananang Palestina ay naroon ang mapait na kuwento, dulot ng pananakop at karahasan, kawalang katarungan, sapilitang pagpapalikas, pang-aapi, pang-aalipin at pagbubuwis ng buhay.

Ngunit, ang layon ng pagiging tao ay paglaya mula sa piitan. Ang pagiging tao ay ang pagiging malaya. Ang pagiging tao ay pagiging araw na nagsasabog ng liwanag para sa sangkatauhan. Ang pagiging tao ay tulad ng bukál na umaapaw kahit saang lupain man dumaloy ang tubig nito. Ang pagiging tao ay ang pagpapakatao na siyang sa ati'y nagbibigay kahulugan ng ating pagkatao, dahil sa kahulugan ng ating pagkatao nararamdaman natin na tayo ay bahagi ng sangkatauhan na sa simula't simula'y una ng namuhay ang tao sa daigdig na mapagbigay, kumikilos, lumilikha, tumutuklas at lilikhain ang bagong daigdig mula sa lumang daigdig.

The Center for Defense of Liberties and Civil Rights "Hurrryat" is a Palestinian non-governmental and independent organization that contributes to the protection of the Palestinian liberties, civil and political rights. Hurrryat strives to enhance the rule of law within the Palestinian society, and to provide legal, financial and psychological assistance to both the Palestinian prisoners detained in Israeli jails and their families. Please see www.hurrryat.net

Pagiging Ama

Ni Munther Isaac

Ang mga ama sa Biblia ang siyang pinagmumulan ng mga biyaya at paggabay para sa buong pamilya. Noong una pa man at batay na rin sa Katutubong Tradisyon ng pamilya sa Silangan, siya ang kinikilalang ulo ng pamilya, ang ama ang inatasan na magturo ng kautusan ng Diyos sa kanyang mga anak. Ang Aklat ng Kawikaan— partikular ang kabanata 4 — ay nagsasaad ng malinaw na papel at kalagayan ng ama sa panahon ng mga unang mananampalataya:

Ang Payo ng mga Magulang, *Dinggin ninyo, mga anak, ang turo ng inyong ama, sasainyo ang unawa kung laging diringgin siya. Pagkat tiyak na mabuti itong aking sinasabi, kaya't aking mga katuruan huwag mong isantabi. Noong ako ay bata pa, nasa kumpkop pa ni ama, batambata, walang malay, tanging anak nga ni ina, itinuro niya sa akin at kanyang sinabi, "Sa aking mga aral buong puso kang manangan, sundin mo ang aking utos at ikaw ay mabububay. Salita ko'y huwag mong lilimutin o tatalikuran, ang pang—unawa at karunungan sikaping makamtan. Makinig ka, aking anak, payo ko ay tanggapin, lalawig ang iyong bubay, maraming taon ang bibilangin. Ika'y pinatnubayan ko sa daan ng karunungan, itinuro ko sa iyo ang daan ng katuwiran.* (Kawikaan 4: 1-5, 10-11)

Ang mga salitang ito ay nasulat batay sa kalagayan ng pamilya, ipinapakita nito ang paggalang sa mga ama noong unang kapanahunan. Binibigyan diin nito ang kahalagahan ng karunungan. Ang karunungan ay ang karanasang nakamit ng ama sa pamamagitan ng kanyang pagkatakot sa Diyos sa mga panahong yaon — at ngayon ito ay kanyang ipinapasa sa kanyang mga anak. Ipinamamana ng ama hindi lamang ang kanyang pangalan o kayamanan ng pamilya sa kanyang mga anak, bagkus gayundin ang kanyang karunungan, karanasan at pagiging makadiyos.

Hindi nakapagtataka na ipinakikilala ng Bibliya ang Diyos bilang Ama. Sa madaling salita, sa pamamagitan ng imaheng ito itinuturo ng Biblia kung paano tayo itinuturing niya — tulad ng relasyong mayroon ang ama sa kanyang anak:

Kung paano nahahabag ang ama sa anak niya, gayon siya nahahabag sa may takot sa kanya. (Awit 103: 13)

Kung ang naunang mga talata ay nagpapakilala sa ama bilang tagapagbigay ng mga tagubilin o instruksyon, gayundin ng disiplina, ang mga talata namang nabanggit sa itaas ay nagpapakilala ng pagiging maibigin at mahabaging katangian ng mga ama. Sa madaling salita, isinasabuhay ng ama dito sa lupa ang imahe ng Ama sa langit sa kanyang mga anak, na mapagkandili at maibigin. Kung magkagayon ang ama ang siyang nagsisilbing bintana ng mga anak upang kanilang makita at maranasan ang pag-ibig ng Diyos Ama.

Nalalaman rin natin kung ano ang magiging kalagayan ng pamilya kung wala ang ama, apektado ang pamilya sa kabuoan. Una at higit sa lahat, sa pagkawala ng ama, may pagkukulang sa pamamaraan ng pamumuno, paggabay, pagbibigay halimbawa at pagpapala — at ang responsibilidad na ito'y mag-isang itataguyod ng ina. Kasabay rin nito hindi rin nararanasan ng mga anak ang pagmamahal at pagkandili ng ama sa kanyang mga anak.

Sa lipunang Palestina sa ngayon, maraming mga bata ang lumalaki ng walang ama, dahil alinman sa dalawa sila'y nakabilanggo or napatay sa digmaan. Hindi kayang sukatin ang epekto ng mga pangyayaring ito sa lipunan. Likas na katangian ng pamilya sa lipunang Palestina ay ang pagtitiyak ng kaligtasan at pangangalaga sa mga anak — kaugnay ng sinasabi sa biblia tungkol sa pangangalaga sa kalagayan ng mga ulila. Ngunit ganon pa man hindi nito kayang tumbasan ang pagkawala ng ama at wala tayong magagawa para punuan ito. Higit sa lahat, ang isang anak na lumalaking nasa bilangguan ang kanyang ama — o kaya'y napatay sa labanan — maaaring lumaki siya taglay ang kalungkutan,

pait at pagkapoot dulot ng pangyayari sa kanilang buhay. Maaaring ang mga pangyayaring ito'y makaapekto sa uri ng buhay mayroon siya sa hinaharap.

Sa gitna ng mga pangyayari ito kailangan nating panghawakan, at panatiling matibay ang pananalig, sa katangian ng Diyos na siyang sinasaad ng banal na kasulatan:

Ang Diyos na naroroon sa tabanan niyang templo, tumitingin sa ulila't sanggalang ng mga bala. (Awit 68: 5)

Munther Isaac (PhD Oxford Centre for Mission Studies) is assistant professor at Bethlehem Bible College and director of the conference Christ at the Checkpoint. He is also a Vicar at the Evangelical Lutheran Church in Jordan and the Holy Land. His PhD research focused on the theology of the Promised Land.

At ang mga bilanggo? Bahagi ng ating reyalidad sa kasalukuyan ang kalagayan ng libu-libong bilanggong nagdarusa sa piitan sa Israel. Gagawin ng mga Israelita ang lahat nilang makakaya huwag lang mapalaya kahit isa man lang bilanggo, kung magkagayon kailan makakamit ng mga bilanggong Palestino ang kanilang kalayaan?

Kairos Palestine Document— A Moment of Truth, Chapter 1.1.7

Ikalawang Linggo ng Pagdatal

Magkahiwalay na henerasyon?

Ang Tuluy-tuloy na Pwersahang Pagpapalikas sa mga Mamamayang Palestino

Ni BADIL

Simula noong taong 1948, ang Israel ay naging rehimen na pinagsasama ang pananakop, apartheid at pangongolonya ang mga gawaing ito ang siyang ugat ng nagaganap na sapolitang pagpapalikas ng mamamayang Palestina. Daan-daang libong mamamayang Palestina ang pinalayas sa magkabilang panig ng Green Line (1949 Armistice Line between Israel and occupied Palestinian territory), bunga ng mga polisiya at patakaran ng Israel. Ilegal ang sapolitang paglilipat na ito ng populasyon at noon pa ma'y kinikilala na itong pandaigdigang krimen simula pa noong ipatupad ang Allied Resolution on German War Crimes noong taong 1942. Ang pinakamatindi at pinakabagong nabuong batas na may kaugnayan sa krimeng ito ay matatagpuan sa Rome Statute ng International Criminal Court, malinaw nitong sinasaad na ang sapolitang paglilipat ng populasyon at pagpapatira-implantasyon ay maituturing na krimeng pandigma.

Sa ibaba ay ang testimonya o pagpapatotoo ng dalawang Palestinong refugee — una at ikatlong henerasyon — na nagsasalaysay ng kanilang buhay, mga pangarap at pag-asa. Pareho silang

naninirahan sa Dheisheh Refugee Camp. Matatagpuan ito sa Bethlehem Governorate, timog-kanlurang bahagi ng Lungsod ng Bethlehem na sakop ng West Bank. Isa ito sa 59 na Palestinian Refugee Camps na matatagpuan sa iba't-ibang bahagi ng West Bank, Gaza Strip, Jordan, Lebanon at Syria. Itinayo ito pagkatapos na mapalayas at magsitakas ang higit 750,000 Palestino na sapilitang pinaalis noong 1948. Yaong mga napunta sa Dheisheh ay nagmula sa 46 na bayan at mga pamayanan kasama na ang Jerusalem, Ramle, Asqulan at Hebron. Ang 13,017 naninirahan sa mga kampo sa kasalukuyan ay nagtitiis sa mababa sa isang kilometrong parisukat na lupaing pinauupahan ng United Nations Relief and Works Agency for Palestinian Refugees (UNRWA).

Rif'a Hammad (78). Ipinanganak sa pamayanan ng Bayt 'Itab noong 1933, naninirahan sa

Dheisheh refugee camp "Simple lang ang buhay naming noon sa Nakba. Magsasaka kami at ang lupa ang sentro ng among buhay. Binubungkal namin ang lupa at tinatamnan namin ito ng watermelon, melon, lentils, mais, trigo at marami pa. May mga alaga rin kaming mga manok, baka at kambing. Ang buong pamilya ay nagbubungkal ng lupa. Ang lahat ng aming pangangailangan ay nagmumula dito, at sa mga alaga naming hayop. Hindi tulad ngayon na kailangan mong bilhin ang lahat ng iyong kailangan sa mga tindahan. Nang panahong yaon, wala namang mga tindahan, at hindi namin kailangan ang mga iyon. Nasanay na kaming likhain kung ano ang mga kailangan namin: paggagatas, paggawa ng yogurt at maging pagluluto ng tinapay sa *Taboun*. Talagang nabubuhay kami sa aming ganang sarili. Hanggang isang gabi nagbago ang lahat ng ito.

Nakarating ang mga balita tungkol sa masaker na ginawa ng Zionist militias sa ilang mga pamayanan sa Hagana sa hilaga katulad sa Deir at Al-Qastal. Nalaman namin na pinapatay nila at minamasaker ang mga Palestinian mula sa gawing hilaga ng bansa at karamihan ay napipilitang lumikas sa timog upang makaiwas. Lubhang nagalala ang aking ama sa aming pamilya, lalo't para sa aming mga babae. Sinasabi ng mga tao na ang mga kababaihan ay pinagtatangkaan at ginagahasa ng mga militias. Kaya ng makarating ang mga militias sa Deir Al-Hawa, isang bayan lang ang layo mula sa Bayt 'Itab, nagpasya ang aking ama na tumakas na kami. Sa loob ng isang gabi ang bayan namin kasama ang 27 bayan ay nawalan ng tao dahil sa takot sa masaker at panggagahasa. sa loob lang ng isang gabi nawala ang lahat sa amin, nagi kaming refugees, at ang pinakamalungkot pa nito lahat kami ay naging refugees sa aming lupang tinubuan.

Nagpalipat-lipat kami sa iba't-ibang lugar hanggang sa kalaunan nanirahan na kami rito sa Jericho. Wala sa hinagap namin na pagkatapos ng 66 na tao ay nanatili pa rin kaming refugees. Inakala namin na ang lahat ay maibabalik sa dati tulad noong kami'y nasa Nakba. Ito ay pansamantala lamang. Sa pasimula, hindi ko inakala na hindi na kami makababalik pa. Nagkamali pala kami. Sinasabi ng mga tao noon: 'isa pang buwan at muli tayong makababalik sa ating mga tahanan' at pagkatapos ng isang buwan muli sinabi ng mga tao maghintay pa tayo ng isa pang buwan. Subalit sa paglipas ng mga panahon, lalo lamang lumabo ang aming pag-asa na muling makabalik sa dati naming pamumuhay. Ito ang nagtatalo sa kalooban namin: sa isang pagkakataon nararamdaman at naniniwala kami mangyayari ito sa takdang panahon, na sigurado makababalik kami sa aming mga tahanan sapagkat mananaig ang katarungan, subalit may mga pagkakataon rin na nawawala na kami ng pag-asa at malabo ng mangyari ang inaasam-asam namin.

Matanda na ako, batid ko na hindi na ako makababalik pa, ngunit batid ko na hindi magpakailanman ang kalagayan naming ito. Batid ko na malapit na akong mamatay, ngunit ang pag-asa na muling makabalik ay hindi kailanman mamatay. Malaki ang pag-asa ko sa bagong henerasyon. Pagkatapos ng 66 na taon nararamdaman ko na ang aming tahanan sa Nakba ay naghihintay pa rin sa amin at kaya't kami'y muling magbabalik, kung hindi man ako, ay ang aking mga apo, *Inshallah (mangyari nawa)*.

Kung ako'y makababalik, agad akong tatalima. Iiwanan ko ang lahat ng mayroon ako sa kampo ng walang pagdadalawang isip. Tatanggapin ko kahit pa man ako'y manirahan sa ilalim ng punongkahoy, ang mahalaga ito'y punong tahanan. Hindi lang ako ang nagnanais ng ganito, lahat ng aking mga kaanak, at kaibigan, kahit pa man yaong tumakas sa Jordan: kung sila'y magkakaroon ng pagkakataong makabalik magmamadali silang makabalik. Tatanggapin namin kahit pa kami'y mamuhay kasama ang mga Jewish-Israelis ang mahalaga mabigyan kami ng pagkakataong makabalik sa aming mga tahanan.

Pagkatapos ng 66 na taon, nanatiling kinakatawan ng kampo ang aming pansamantalagang kalagayan. Ito ang kanlungan na kung saan nakatagpo kami ng katiwasayan pagkatapos kaming palayasin sa aming lupain. Subalit kailanma'y hindi ko ito itinuring na permanenteng paninirahan. Makakabalik lamang kami kung magbabago ang balanse ng kapangyarihan. Napalayas kami ng mga Zionist dahil simpleng magsasaka lamang kami. Balang araw magbabago ito. Ipinapaalala ng kampo ang kasamaang nangyari sa amin. Salamat sa Diyos, nababatid ito ng bagong henerasyon. Nagtagumpay kami na ipasa sa kanila ang mga susi ng aming mga tahanan lalo't higit ang pag-ibig at lahat ng mayroon dito. Pag-asa ko ay nasa kanila; nasa kanila ang kasigasigan at ang pag-asang nawala sa amin sa paglipas ng mga taon.”

May Hammash (21) naninirahan sa Dheisheh refugee camp, nagmula sa nilayasang pamayanan ng Bayt 'Itab:

“Sa iyong paglaki, ang pangaraw-araw na buhay at mga pangyayari ay nagpapaalala sa iyong pagiging refugee. Walang daan palabas ng pagiging refugee: nabubuhay ka sa kampo, pumapasok ka sa paaralan at ginagamot sa mga pangkalusugang klinika ng UNRWA, at ang iyong mga kaibigan ay refugees rin, na sa kalaunan, ay maaaring maging bilanggo o martir.”

Para sa akin toldo ang sinisimbolo ng kampo: ang asaylum at malawakang pagpatay upang ubusin ang aming lahi na aming nararanasan, at gayundin kinakatawan nito ang pagsuko ng aming katayuan at kalagayan, ang pagtataksil ng rehimeng Arabo makamtan lang ang inaakala nilang solusyon, mapanupil na pananakop, kawalan ng pagkalinga ng mga may kapangyarihan at ang kaipokrituhan ng internasyunal na pamayanan.

Ang namayapa kong lolo, na kung saan sa kanya ako lumaki, ay laging nagsasalaysay ng mga kuwento tungkol sa uri ng buhay sa Bayt 'Itab. Palagi niya kaming dinadala sa tuktok ng bundok malapit sa

Bethlehem at itinuturo niya ang lugar habang sinasabi: “Nakikita mo ba ang mga bahay na iyon at ang mga kambing sa parang? Iyong dako pa roon? Nakikita mo ba? Iyon ang Bayt ‘Itab ... Ating pamayanan...Iyong pamayanan.

Nakita ko ang aking lupang tinubuan sa aking mga lolo at lola sapagkat doon sila nanirahan. Ang pagsasalaysay ng aking lola tungkol sa aming lupang tinubuan ay kaiba kung paano ko ito nauunawaan at isinalaysay. Magkaiba kami ng pagtingin tungkol sa mamamayang Palestino. Para sa kanya isang bansang Palestina at mamamayan; para sa kanya ito ang pinakamabuting mamamayan at punung-puno ng mabubuting katangian.

Kung ang aming mga lolo at lola ay nangangarap na makabalik sa aming pamayanan, ako at ang henerasyon ko ngayon ay may gayunding pangarap at pag-asa, subalit ito’y nagbago o umunlad. Umaasa ako na sana balang araw, kamtin ko ang kalayaang magpasya kung saan ko gustong manirahan.”

Center for Palestinian Residency and Refugee Rights is an independent, community-based non-profit human rights organization mandated to defend and promote the rights of Palestinian refugees and Internally Displaced Persons. Our vision, missions, programs and relationships are defined by our Palestinian identity and the principles of international law, in particular international human rights law. We seek to advance the individual and collective rights of the Palestinian people in this basis.

To learn more, please visit www.badil.org

Ang mga refugee ay bahagi rin ng ating realidad.
Halos lahat sa kanila ay namumuhay
sa mga kampo nakararanas ng
matinding paghihirap. Ilang henerasyon na
ang nakalipas, patuloy silang naghihintay
na muling makabalik sa lupang sinilangan.
Anong bukas ang naghihintay sa kanila?

Kairos Palestine Document — A moment of Truth Chapter 1.1.6

Refugees sa Bethlehem-
Epekto nito sa Biktima at Kanilang Pamilya
Ni Grace Zoughbi

*Sa pampang ng mga ilog nitong bansang
Babilonia kami roo’y nakaupong tumatangis sa tuwinang
Ang iniwan naming Sion ay aming maalaala
Sa sanga ng mga kaboy, sa tabi ng ilog nila,
Isinabit namin doon, yaong dala naming lira.*

*Paano namin aawitin, ang awit ng Panginoon,
Samantalang bibag kaming nangingibang-bayan noon?*

*Ayoko ng ang lira ko'y hawakan pa at tugtugin,
Kung ang bunga ng pagtugtog limutin ang Jerusalem;
Di na ako aawit pa kung lundong sasapitin*

*Sa isip ko't alaala, ikaw'y ganap na limutin,
Kung ang kaligayahan mo ay hindi ko habangarin.*

Awit 137: 1–2, 4–6

Wariin. Wariin mong nakatayo siya roon — malungkot ang mukha, at nabibigatan ang puso — hindi maikakaila ang kalungkutan niyang tinataglay. Napakalayo niya sa kanyang tahanan, milya-milya ang pagitan kung saan naroon ang kanyang puso. Wala ng laya ang kanyang diwa para umawit, sumayaw at lumipad. Kahit pa man ang kanyang alpa'y nakasabit lang sa malapit na puno, di na niya magawang umawit, o humimig man ng tono. Ang kaya na lang niyang gawin ay maupo sa ilog ng Babilonia at umiyak; ang kanyang luha ay kasamang umaagos sa daloy ng malaking ilog na namamaybay.

Papaanong nawala ang lahat sa napakabilis na pagkakataon, ang kanyang pagtataka? Nawalang lupain, nawalang tahanan, nawalang Banal na Lungsod, nawalang templo, walang pagkakakilanlan. Nawala ng lahat ng kahalintulad sa Babilonia at maging ang Jerusalem. Kahit pa man hindi siya nag-iisa — pamilya, mga kaibigan, at mga kaanak lahat sila'y napatapong kasama niya — gayunpaman nanatili siyang malakas, refugee, pinalayas. Ito ang nakakalungkot na reyalidad.

Dumaan ang mga araw, buwan at mga taon hindi niya nalilimutan ang mga ala-ala niya sa Jerusalem. Matagal siyang naghintay, pinangarap niyang makabalik sa lupang tinubuan at doon hintayin ang paglipas ng mga araw. Subalit hindi ito nangyari.

Tulad ng pagsasalarawan sa Awit 137, ang lupang tinubuan ay may malalim na pag-ugat sa puso at isipan, bahagi ito ng ating pagkatao. Katulad ng Psalmista tayo'y nagtatanong, “Paano namin aawitin, ang awit ng Panginoon, Samantalang bibag kaming nangingibang-bayan noon? Papaano nga ba? Makapagdiriwang kaya ang aming mga puso sa tigang at tiwawang na lupaing ito?”

Habang naglalakad ako sa makipot na mga daan ng Bethlehem, hindi ko maiwasang pansinin ang mga kampo ng mga refugee na nakapaligid rito. Ang sakit at pagkabigo dulot ng katotohanang halos kalahating oras lang ang layo ng kampo mula sa dati nilang tirahan, ngunit hindi sila makabalik doon, ay ang pangaraw-araw na karanasan na hinaharap ng mga refugee naninirahan sa mga kampo sa Bethlehem. Higit anim na dekada na ang nakalipas ganito pa rin ang sitwasyon. Mula sa mga kubol naging maliliit na bahay, na kung saan patuloy itong sumisikip dahil sa pagdami ng populasyon, ang mga refugee ay patuloy na nagtitiis sa munting bayan ng Bethlehem. Sa paglipas ng maraming henerasyon, nanatili ang kanilang pagnanais na makabalik sa pamayanang kanilang pinanggalingan. Iniisip nila kung ano ang mangyayari sa kanila, sapagkat wala silang lugar na matatawag nilang tahanan.

Bilang karagdagan sa mga refugee sa Bethlehem at West Bank, mga Palestinian refugee sa Gaza, Lebanon, Jordan at Syria lahat sila'y nangangarap na isang araw makabalik sila sa kanilang lupain "na may dumadaloy na gatas at pulot." Mangyayari pa kaya ito, o hindi na? Isang tanong na walang nakababatid kung ano ang magiging kasagutan, habang sila'y nangangarap, ang panalangin at pag-asa nati'y ang Panginoon'y gagawa ng mabubuting bagay para sa kanila. Sa gitna ng kanilang kapighatian tatanggapin nila ay "ang korona ng kagandahan sa halip na abo, langis ng kaligayahan sa halip na pananangis, Sa halip ng lungkot, Awit ng pagpupuri yaong aawitin." (Isaias 61:3)

Sino ang nagsabi na ang mga araw ng kapaitan, pagdurusa, pangungulila at hapis ay mapapawi na? Sino ang nagsabi na hindi makapangangarap at makaaasa ang sinuman sa mas mabuting kinabukasan? Sino ang nagsabi na ang mga araw ng pagkatapos ay di matatapos? Sino ang nagsabi na ang mga inapi at ang kanilang mga anak ay mananatiling api? Sino ang nagsabi na ang babae sa tabi ng ilog ng Babilonia ay laging tatangis? Sapagkat: Ang abang may hapis at tigmak sa luha sa buong magdamag, Sa bukung liwayway ay wala nang lungkot, kapalit ay galak." Hindi man para sa mga refugee na ito, sigurado naman para sa kanilang mga anak at mga apo. Sa bandang huli ang kanilang mga anak at mga apo tulad ng Psalmista ay maglalahad na tulad nito:

Nang lingapin tayo ni Yabweb at sa Zion ay ibalik, ang nangyaring kasaysaya'y parang isang panaginip. Labat tayo ay natuwa, masasayang nagsiawit! Ang sabi ng mga bansang nagmamasid sa paligid, "Tunay na dakila, ginawa ni Yabweb para sa kanila!" Dakila ngang masasabi, pambihira ang ginawa, kaya naman kami ngayon, nagdiriwang, natutuwa! Awit 126: 1-3

Tunay na dakila ang mga gawa ng Panginoon. Ang Panginoon ay nagpapatuloy sa paggawa ng mga dakilang bagay para sa Kanyang bayan. Tayo ang Kanyang bayan, palagi Niyang minamasdan, ang Kanyang mga tupa.

Sa loob ng maraming taon kaming lahat ay mga refugees na naghahangad ng lupang matitirhan. Sinuman ay hindi nanaisin na magkahiwa—hiwalay at mawalan ng tirahan, napakahalaga ang magkaroon ng pisikal na tahanan at kanlungan, higit na mahalaga ay ang pagkakaroon ng kanlungang espirituwal! Ang mga refugees sa Bethlehem ay pinalayas mula sa kanilang mga tahanan, at nakatagpo ng lugar upang sila'y makapanirahan, subalit tayo'y nanalangin na ang mga refugees na ito'y matagpuan nila na ang Diyos ang kanilang kanlungan sa panahon ng kanilang pangangailangan gayundin sa mga karaniwang panahon. Ang Diyos ang pinakaligtas na kanlungan para sa lahat niyang anak. Katulad ng Psalmista ay ating masasabi:

Ang Diyos ang lakas natin at kanlungan, At handang saklolo kung may kaguluhan; Di dapat matakot, mundo'y mayanig man, Kabit na sa dagat ang bundok mabuwal; Kabit na magngalit yaong karagatan, At ang mag burol mayanig, magimbal.

Awit 46: 1—3

Sa gitna ng napakaraming karupukan ng buhay, ang ating makapangyarihang Diyos ang nag-iisa at tanging matibay na bato; tayo'y umasa sa Kanya. At habang ginagawa natin ito, ating alalahanin *“Ngunit ang binabangad nila’y isang lunsod na lalong mabuti, yaong nasa langit. ipinagbanda Niya tayo ng lungsod para sa atin.”* (Hebreo 11: 6)

Grace Al-Zoughbi ay Palestinang Kristiano mula sa Bethlehem, kasalukuyang siyang guro sa Bethlehem Bible College. Mayroon siyang M.A. sa Theology of Transformation at kasalukuyang kumukuha ng kanyang PHD. Nagsimula siyang magturo sa Grace Bethlehem Bible College taong 2011, at kasalukuyang pinuno ng departamento sa pag-aaral sa Bibliya.

Ikatlong Linggo ng Pagdatal

Ang Epekto ng Family Unification Law sa mag-asawa

Mula sa Society of St. Yves

Ang Family Unification Law, na ipinatutupad sa mga Palestinang naninirahan sa Jerusalem, kung iisipin ay nakakatakot. Ang mga mag—asawang masasangkot sa ganitong uri ng ligal at walang katiyakang burukrasya ay nagdurusa dahil sa kakulangan ng mga malinaw na pamamaraan upang kamtin ang buhay pamilya, katiyakang pampinansya at pisikal na pagsasama—sama. Ang estado ng Israel ay nagpasya na magbigay garantiya para sa pagsasama-sama ng mag—asawa upang bumuo ng pamilya mula sa West Bank na nasa Jerusalem sa bihirang pagkakataon. Nagbunga ito sa isang problematikong katayuan ng mga Palestinian Jerusalemite na ipinagkaloob noong taong 1967. Ang ligal na katayuang sumasaklaw sa populasyon sa Jerusalem ay tuwirang bunga ng Anim na Araw na Digma (Six-Day-War) na nagananap noong 1967 at nagbunsod ng ‘permanenteng paninirahan.’ Ang pangyayaring ito’y nagresulta ng pinahabang aplikasyon ng “Entry Into Israel Law 1952” na nagbibigay kapangyarihan sa Israeli Minister of Interior na magkaloob ng iba’t-ibang uri ng bisa para sa taong naninirahan sa Israel na hindi kinakailangang tupdin ang mga hinihinging rekesitos na nakasaad sa Jewish “Law of Return 1950” at ang “Nationality Law of 1952.”

Ang permanenteng paninirahan ay hindi maaasahang kayatuan, hindi ito nagkaloob ng nasyunalidad o kaya’y buong karapatang sibil at pulitikal. Halimbawa, maaaring makilahok ang mga residenteng Palestinian Jerusalemite sa elekyon sa antas munisipal, subalit hindi sa antas nasyunal. Nakakatanggap sila ng mga benepisyong sosyal, nagbabayad ng lahat ng buwis at napagkakalooban ng mga dokumento ng Estado, subalit, ang Ministry of Interior na siyang nagbibigay ng katayuan ay may kapangyarihan ding bawiin ito sa ilalim ng mga partikular na sirkumtansya. Walang saysay na mag-aplay ang mga Palestinian Jerusalemite ng katayuan para sa permanenteng paninirahan sapagkat hindi naman sila mga taga ibang bayan; ang katotohanan pa nga’y, sila’y mga katutubo sa lupaing yaon.

Kaya nga, napakahirap para sa Palestinian Jerusalemite na makasama ang kanilang pamilya kung sila'y nagmula sa West Bank, dahil sa pagtangi ng Israel na pagkalooban sila ng buong karapatan sa pagpapamilya. Ang tanging makatotohanang pamamaraan para makasama ng isang Jerusalemite ang kanyang asawa na nasa West Bank ay paggamit ng itinakdang pagtatangi na nakasaad sa Citizenship Entry sa Israel Law 2003 na kung saan ang pansamantalang permit (B1 status) ay maaaring ipagkaloob taun—taon. Epektibo nitong pinigil ang proseso ng family unification sa pamamagitan ng pagbabawal na ipatupad ang family unification para sa lahat ng residente ng West Bank (di kabilang ang Silangang Jerusalem) mayroon itong tatlong pagtatangi (exceptions) na isinasaad.

Una, yaong mga nakuha ang kanilang katayuan bago pa man likhain ang batas ay maaaring mapanatili ang gayong katayuan sa ilalim ng mga partikular na sirkumtansya sa pamamagitan ng pagpapatunay na ang Jerusalem ang sentro ng kanilang buhay (ilang halimbawa nito ay pagpapatunay ng kanilang pagbabayad ng buwis at pagpapa-aral ng kanilang mga anak sa Jerusalem) at wala silang anumang kriminal rekord at pangseguridad. Pangalawa, maaaring mag-aplay ang mga bagong aplikante sa ilalim ng mga tiyak na kondisyon upang makasama ang kanilang pamilyang na hindi residente sa pamamagitan ng pagbibigay paliwanag sa ilalim ng naunang pagtatangi at ayon sa hinihinging edad na kinakailangan. Kung ang permit ay para sa asawang babae, kailangang edad 25 taong gulang siya pataas at kung para sa asawang lalaki, kinakailangan siya ay edad 35 taong gulang pataas para pahintulutang mag-aplay para sa family unification.

Pangatlo, sa mga partikular na pagkakataon, na kung saan posible silang mag-aplay sa komiteng pantao sa Ministry of the Interior. Ang terminong “makataong pagtatangi” o human exceptions ay may napakalawak na pakahulugan, wala itong tiyak na depinasyon, kulang ang mga batayan at nagbibigay ng napakalaking kapangyarihan sa sinumang nagpapatupad nito. Kulang ito sa transparensi sapagkat wala itong dukomentong publiko upang malaman kung ilan ng mga kaso ang pinag-aralan at anu-anong mga argumento ang kailangan para masabing tagumpay ang isang apila, tulad ng, anu-anong sirkumtansya ang masasabing may “ispesyal na pantaong pangangailangan.”

Napakahirap patunayan ang “pantaong pagbubukod o pagtatangi” dahil hindi kinikilala ng Israel na ang kinakaharap na pampinansyang suliranin ng mag-asawa ay resulta ng kawalang kakayahan na makasama ang pamilya para mapagkalooban ng nasabing pagbubukod o pagtatangi (exceptions). Batay sa mga kasong hinawakan ng Society of St. Yves, ang pinakamatibay na dahilan para kilalanin ang kalagayan sa ilalim ng “pantaong pagtatangi” (human exceptions) ay pagkakasakit, lalo't higit ang pagkakasakit ng mga anak ng mag—asawa. Gayunpaman, napakarami ng kaso ang naisampa na may ganitong mga kadahilanan may sakit ang asawa o mga anak, at nanatiling wala pa ring natatanggap na kasagutan ang nasabing organsasyon. Minsan pa nga, kahit may mga dokumentong medikal ng hawak na nagpapatunay ng malubhang kondisyon, isang taon pa rin ang kailangang hihintayin bago makatanggap ng kasagutan.

Kahit pa man napagkalooban na sila ng ganitong pagbubukod o pagtatangi (exception), kailangan pa ring pagtibayin ito kada taon, upang patunayan na nanatili pa rin ang pangangailangang pantao. Nangangahulugan ito na kailangang magpakita ang mag—asawa ng kasulatang medikal sa tuwing nanaisin nilang makapanatili pa sa Jerusalem. Wala naman talagang istriktong batas tungkol dito

ngunit kinakailangang malalim na maipaliwanag at makumbinsin ang Humanitarian Committee na sa esensya ay hindi pa rin naman nagbabago ang kalagayan. Mayroong napakabigat na burukratang proseso na kinakailangang harapin sa bawat aplikasyon. Hindi nagkaloob ng ID ang Israel para pagtibayin ang mga kaso ng 'pantaong pagbubukod.' Inuulit ko, ang mga Arabong Jerusalemite ang mga katutubong populasyon sa Jerusalem at walang saysay na pagkalooban ng family unification ang kanilang asawang napawalay sa West Bank batay sa isang pambihirang kaso—na—walang malinaw na batayan.

Halimbawa, si FB, isang Jerusalemite, nagpakasal noong 2002, sa isang babae mula sa Gaza na isang Jordanian. Noong 2002, nag-aplay siya para makasama ang kanyang asawa sa Jerusalem, dahil ang kanyang asawa at mga anak ay naninirahan sa Jordan kasama ang kanyang mga magulang. Hindi mapasusubalian ang bigat na kanilang hinaharap dahil sa pagkakawalay ng mag—asawa at kanilang mga anak. Para lang makasama ang kanyang pamilya kinakailangang maglakbay ng napakalayo si FB, bunsod ng kanilang pagnanais na mabuo ang pamilya ay ang matinding suliraning pampinansiya at pisikal na pinagdadaanan nilang mag-asawa.

Dagdag pa rito, lumalaki ang kanilang anak ng malayo sa kanilang ama at nangungulila sa kanyang pagkalinga na siyang kailangang-kailangan habang sila'y lumalaki. Sa tuwina'y binabagabag siya sapagkat palaging may bagong patakarang ipinatutupad ang Israeli Ministry of Interior Affairs para sa iba't—ibang opisyal na dokumento, isang proseso na lagi niyang pinagdadaanan sa loob ng 12 taon. Sa anumang kadahilan hindi nabasura o napalitan ang family unification, subalit ang di matapus-tapos at pabagu-bagong kahilingan ng Israeli Ministry of Interior Affairs para sa iba't—ibang opisyal na dokumento, ay nagtali kay FB sa napakagulong burukratikong proseso. Ang proseso ng pagkuha ng iba't-ibang opisyal na dokumento ang siyang nagsisilbing sagabal sa maraming Palestinian na mapagtibay ang kanilang aplikasyon para sa family unification. Ang karapatang itayo ang pamilya malaya sa anumang bagansya at pagkakawalay ay isang batayan at esensyal na karapatang pantao. Ang kabiguan ng Israel na pagtibayin ang aplikasyon ay siyang nagkait kay FB, kanyang asawa at mga anak ng kanilang karapatang magkasama—sama sa loob ng 12 taon.

Isa pang halimbawa, si R.Y., isang Jerusalemite, ikinasal sa Bethlehem noong 1982 lumipat at nanirahan siya sa Bethlehem kasama ang kanyang asawa. Siya at ang kanyang asawa ay may 4 na anak na babae at 2 anak na lalaki, isa rito ay wala pa sa hustong gulang. Subalit noong 2011, ang kanyang asawang lalaki ay dumanas ng mahigpit na suliraning emosyunal at nagpakamatay. Taong 2010, bago pa man magpakamatay ang kanyang asawa ay mayroon na itong sikolohikal na problema. Dahil sa pangyayari nilisan ni R.Y. ang kanilang tahanan sa Bethlehem kasama ang kanyang mga anak at nanirahan sa kanyang mga magulang sa Lumang Siyudad ng Jerusalem.

Ang kanyang pamilya ay nababagabag sa kanilang kalagayan, sapagkat ang kanyang mga anak ay nagtataglay ng ID's na nagpapatunay na sila'y mamamayang Palestina. Ang lahat ng kanyang mga anak ay nasa hustong gulang na, 18 taong gulang pataas, maliban sa kanyang bunsong anak na lalaki. Noong 2013, sinimulan ng St. Yves ang aplikasyon para mabuo ang pamilya alang-alang sa kanyang bunsong anak na lalaki, nakasampa pa rin ang aplikasyon at sa kasalalukuyan wala pa ring natatanggap na kasagutan ang pamilya ukol dito. Sa ngayon ang kanyang bunsong anak ay 13 taong

gulang na; subalit pagsapit niya ng 14 na tao lalong magiging mahigpit ang pagdraanan nilang proseso. Ang nakatatanda niyang mga anak matapos umedad ng 18 taong gulang ay hindi na mapagkakalooban ng Israel's ID, nangangahulugan lamang ito na iligal silang naninirahan sa Jerusalem kasama ang kanyang ina, ang pangyayaring ito ay magdudulot sa buong pamilya ng labis na pagkawasak at kapamahakan.

Naging malubha pa ang sitwasyon ng buong pamilya ng si RY ay magkaroon ng malubhang pisikal at sikolohikal na pagdadalamhati. Ang apat niyang anak kung mahuhuli ng gubyernong Israel ay mapapatapon sa West Bank, ang pangyayaring ito ay magdudulot ng karagdagang pasakit sa kanyang pamilyang na nahihirapan na ng labis. Ang aplikasyon ni R.Y. para sa family unification upang makasama niya ang iba pa niyang mga anak ay sinimulan na rin ng St. Yves at naisumite na ang mga kinakailangan dokumento sa Humanitarian Committee ng Israel. Sa ngayon, wala pa ring natatanggap na kasagutan ang organisasyon para sa nasabing aplikasyon.

Isa pang halimbawa ay ang kaso ni AA, ikinasal siya sa babaeng taga-Beit Sahur sa West Bank. Sa kanyang pagnanais na makasama na niya ng kanyang asawa, nagsumite si AA ng mga kinakailangang dokumento para sa family unification ng taon ring yaon ng wala ni anumang problema. Hanggang sa sila'y magkaroon ng 4 na anak at sa kasalukuyan ay kasama nilang naninirahan sa Jerusalem, subalit ito'y nasa antas ng pansamantalang paninirahan lamang at kailangan niya itong i-aplay taun-taon. Sa paglipas ng mga taon, nagkaroon ng problemang pagkalusugan sa mata si AA, na siyang naging sanhin ng kanyang pagkabulag. Ang pangyayaring ito ay nagdulot ng napakalaking pagbabago sa kalidad ng buhay ng buong pamilya, sapagkat tanging si AA lamang ang siyang may kakayahang humawak ng mga opisyal na papeles at mga kinakailangang gastusin sa transportasyon sa pag-aaplay.

Higit pa rito, sa dahilang ang kanyang asawa ay napagkalooban lamang ng pansamantalang paninirahan, hindi siya pwedeng magtrabaho upang makatulong. Hindi rin siya pinapayagang magmaneho sa Jerusalem at hindi rin siya pinapayagan na mag-asikaso ng mga importanteng dokumento na may kinalaman sa kanilang aplikasyon para sa family unification. Hindi makatatagal ang kanyang pamilya sa ganitong klaseng kalagayan, kailangan ng kanyang mga anak ang magulang na maghahatid sa kanila sa iskul at para tugunan ang kanilang pangaraw-araw na pangangailangan para mabuhay. Ang buong pamilya ni AA ay naging paralisado dahil sa di nakikitang pang-aaliping ginagawa ng gubyernong Israel sa mga tulad nila.

Ang ilang mga halimbawang ito ay nagpapatunay lamang sa nakakapagod at walang pag-asang proseso na sapilitang pinagdaraan ng bawat Palestinian Jerusalemite. Matinding bigat ang epekto nito sa bawat miyembro ng pamilya sa usaping sikolohikal, ekonomiya at pisikal. Sa pagtingin ng Israel ito'y kaiba sa umiiral na "Law of Return 1950" na nagbibigay karapatan sa sinumang may dugong Hudyo na pumunta at manirahan sa bansang Israel o Jerusalem, ang pag-iibang ito na kanilang ginagawa ay hindi makatuwiran. Alam nating lahat na ang polisiya ng Israel ay nakatuon sa pagtitiyak na gawing mayorya ang populasyong Hudyo sa bayang Israel at sa Jerusalem. Ang Citizenship Entry Into Israel Law 2003 ay epektibong pumigil sa proseso ng Family Unification kaya't nagdulot ito ng matinding agam-agam sa isip ng mga aplikante. Taun-taon, ang mga pamilyang Palestinian ay hindi nakatitiyak kung makukumpleto ba nila ang mga hinihingi ng Ministry of Interior at kung sila'y muling mapagkakalooban ng karapatang makapanirahan. Higit pa rito, ang "pantaong

pagbubukod” (humanitarian exception) ay isa lamang maskara upang itago ang pagtitiis na nararanasan ng mga Palestininan na bigong makasama ang kanilang mga pamilya at ang mga pinagdaraanang nilang hirap araw—araw.

The Society of St. Yves ay Katolikong Sentro para sa Karapatang Pantao, nagtatrabaho sila sa ilalim ng Latin Patriarchate ng Jerusalem. Sa pamamagitan ng mga ayudang ligal at adbokasya, nakikibaka ang organisasyon laban sa paglabag sa karapatang pantao na nag—uugat sa pananakop. Ang mga pangunhing isyung isinusulong into ay karapatan sa paninirahan ng mga Palestinian sa Jerusalem, at sa West Bank gayundin yaong mga usaping may kinalaman sa malayang pagkilos ng mga Palestinian. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.styves.org

“Ang pagkakahiwa-hiwalay ng mga miyembro ng pamilya ay isang reyalidad, katumbas nito ay labis na hirap na siyang dinaranas ng libong pamilyang Palestino, lalo’t higit kung ang asawa’y walang pinanghahawakang katibayan ng pagiging Israelita.”

Kairos Palestine Document — A Moment of Truth Chapter 1.1.4

Muling Pagsasama ng Pamilya (Family Unification) — Aling batas ang nakasasakop dito? Ni H. E. Bishop William Shomali

Sa pagninilay nating ito, ating bibigyang diin ang muling pagsasama ng mag—asawa, hindi ang muling pagsasama ng buong pamilya

May iba’t-ibang dahilan ng kung bakit nagkakahiwalay ang mga mag—asawa. Halimbawa, ay ang kaso kahirapang nararanasan ng mag-asawa kaya’t napipilitan ang alinman sa kanila na magtrabaho sa ibang bansa, at maaaring mangyari ito sa ligal o iligal na kapamaraan — kaya’t lilisanin ng alinman sa mag-asawa ang kanilang pamilya at mga anak, umaasa na magiging maayos din ang lahat at muli magkakasama-sama ang buong pamilya. Sa hinaharap, maaaring bumalik ang asawa mula sa kanyang pagtatrabaho sa ibang bansa, o dili kaya’y pasunurin niya ang kanyang asawa at buong pamilya at doon na manirahan. Ang ganitong uri ng naisin o plano ay laging nasa ilalim ng umiiral na batas ng bansa o Estadong pinagtatrabahuhan. May mga na bansa na sadyang nangangailangan ng mga migranteng manggagawa, ang kanilang pananatili sa bansang yaon ay nasa ilalim ng mga kondisyong may kinalaman sa pagtatrabaho. May ibang mga bansa naman na nagtatakda ng mga mahihirap na kondisyon upang pigilan ang pagpasok ng mga migrante mula sa ibang bansa sa pagnanais na protektahan ang kanilang ekonomiya at manatiling balanse ang kanilang populasyon.

Iba pang halimbawa ay ang pagpapakasal ng dalawang tao na may magkaibang nasyunalidad. Kung sila'y magpapasyang magsama sa iisang bubong, alinman sa kanila'y kailangang sumailalim sa umiiral na batas ng bansang kanilang titirahan. Sa madalas, pinapayagan ng mga dayuhang bansa ang sinuman sa mag-asawa na sumunod sa kanyang asawa at makapanirahan sa bansang yaon, ngunit ang karapatang makapanirahang ito ay nasa ilalim ng mga umiiral na kondisyon na may kaugnayan sa pagiging migrante.

Ang prosesong pang-immigrasyon ng alinmang dayuhang bansa ay nakabatay sa mga batayang karapatang pantao na magpakasal at bumuo ng pamilya, magkaanak at palakihin ang kanilang mga anak. Ang pamilya ang itinuturing na pundamental na yunit ng isang lipunan, kaya't tungkulin ng bawat lipunan na protektahan ang bawat pamilya na bumubuo nito. Kung gayon, hindi maituturing na normal na sitwasyon ang pagkakahywa-hiwalay ng mga mag-asawa, sapagkat ang kanilang pagkakahiwalay ay nagkakait sa kanila ng manirahan sa iisang bubong, lalo't higit ipinagkakait rin nito ang karapatan ng mga anak na makamuhay na may buong pamilya at lumaki sa pangalaga ng kanilang ama at ina at ng pamilya sa kabuonan.

Ang natural na karapatang ito, na aking tinutukoy, ay nagmumula sa kailaliman ng konsensya nating mga tao at nabibilang sa natural na batas. Ito'y may pandaigdigang pagtanggap sa lahat ng mga bansa, etnikong grupo at relihiyon — ng walang pagtatangi.

Upang lagumin ang karapatang ito, ang mga mag—asawa ay may magkaparehong tungkulin at karapatang makapagsama sa ilalim ng iisang bubong, upang abutin ang layunin ng kanilang pagpapakasal —kasama rito ang pagkakaisa nilang mag—asawa, pag-iibigan, magkaanak at palakihin ang kanilang mga anak.

Balikan natin ang tanong na siyang pamagat ng artikulong ito: aling batas ang nakakasakop sa pagsasama ng pamilya o family unification? Ang sagot sa katanungang ito ang mga batas pulitikal, gayundin ang mga natural na batas ay magkaugnay sa pagpapatibay ng karapatang ito. Lalo pa itong magiging mahalaga kung kikilanlin natin na ang karapatang ito ay siya ring niloloob sa atin ng maylikha.

Nang tanungin ng mga Pariseo si Jesus tungkol sa diborsiyo, tugon Niya: At sinabi, 'Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina, at magsasama sila ng kanyang asawa; at sila'y magiging isa. Kaya't hindi na sila dalawa kundi isa. Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao.' (Mateo 19: 5—6) Nangangahuluan lamang ito na ang pagsasama ng mag—asawa sa ilalim ng iisang bubong ang siyang nagpapatibay sa kalooban Niya.

Sa liwanag ng mga prinsipyong ito, papaano natin babalikan ang mga umiiral na pampulitikalang mga batas sa daigdig, na may kinalaman sa muling pagsasama ng pamilya? Yaong mga sumulat ng mga di makatarungang batas na may kaugnayan sa pamilya at puwersahang pagpapatupad nito, ay hindi lamang lumalabag sa umiiral na natural na batas sa halip nilalabag din nito ang dakilang layon ng may

likha, kung magkagayon siya'y nakagagawa ng krimen ayon sa batas ng Diyos. Sinuman, na tumututol at lumalaban sa pag-iral ng mga di makatwirang mga batas na ito, subalit wala namang ginagawa upang ito'y ituwid, siya man ay sangkot sa krimen laban sa sangkatauhan.

Kung magkagayon tungkulin ng mga legal na organisasyon, mga samahan sa ilalim ng UN at ang Iglesia na makipagkaisa at buong tapang na ipahayag sa harapan ng mga gubyernong ang kanilang kawalang respeto sa mga batas na ito. Umaasa kami na ang panawagan naming ito ay makalikha ng marami pang panawagan upang bigyang babala silang walang pagrespeto sa karapatan ng pamilya at nagkakait sa kanila na magkaroon ng disentang pamumuhay.

H.E. William Shomali, Titular Bishop of Lydda; Auxiliary Bishop of the Latin Patriarchate of Jerusalem and Palestine; was born in 1959 in Beit Sahour, Palestine; ordained Priest in 1972; appointed Bishop and ordained in 2010 in Bethlehem.

Ikaapat na Linggo ng Pagdatal

2014 - UN —Taon ng Pakikipagkaisa sa Mamamayang Palestino

“(…) Panahon na upang magkaroon ng radikal na pagbabago sa konsepto at posisyon. Ang mga Israelita at Palestina ay maaaring makamuhay ng may kapayapaan at pag—iibigan kung mapapawi lamang ang ugat ng kawalang katarungan. Sa mga nakalipas na taon negatibo ang uri ng edukasyon na natutunan ng mga mamamayan. Kailangang matutunan ng mga tao ang isang bagong uri ng edukasyon: na nagtuturo na posible ang pag—iibigan, posible ang pag—iral ng magkaibang lahi. Maling daan ang itinuturo ng panginoon ng digmaan. Lahat ng pagpatay, lahat ng karahasan, lahat ng sandata ay hindi kailanman magbibigay sa iyo ng seguridad at hindi rin nito mapapawi ang iyong takot.

Ang mga pamamaraan sa pagkakamit ng kapayapaan ang siyang magsisilbing mga daan para kamtin ang kapayapaan. Ang mga ito ang maghahatid sa atin ng seguridad at pangmatagalang kapayapaan. Pagkatapos ng animnapung taong digmaan at karahasan, marapat ng maunawaan ng Israel at lahat ng kanyang mga kaibigan, na kailanman ay hindi makakamit ng Israel ang minimithi niyang kaligtasan at katiyakan ng buhay sa pamamagitan ng nangyayaring karahasan sa kasalukuyan. Kailangan ng Israel ang tulong ng kanyang mga kaibigan upang maunawaan, na kung talagang tunay ang pagmamahal nila sa bayang Israel at kung totoong nagmamasalakit sila sa sangkatauhan, Israel man o Palestina, marapat nilang baguhin ang mga nangyayari sa kasalukuyan. (…)

Tinatawagan namin ang lahat ng nagmamalalakit sa dignidad at buhay ng tao na kumilos na ngayon at huwag ng magpatumpik-tumpik pa. Tinatawagan namin ang internasyunal na pamayanan, mga gubyerno, mga simbahan at mga organisasyon sibil para sa pakikipagkaisa upang buong lakas na ipanawagan na kailangang tupdin ng bansang Israel ang mga internasyunal na batas at itigil na ang panlulusob sa Gaza at tapusin na ang pananakop militar sa mga Teritoryong sakop ng Palestina ayon sa pinagtibay na resolusyon ng UN. At pagtagumpayan at tanggalin ang lahat ng balakid upang kamtin ang matagal ng minimithing kapayapaan. Kinakailangan ang malalim na pagunawa at habag

ng sa gayo’y maging pantay ang pagtingin sa mga magkatunggaling partido — lalo’t pinatotohanan nito na ito’y sa pagitan ng mananakop at sinasakop. Kailangan ang pagkakaisa at pagpupursige upang kamtin ang kapayapaan para sa lahat: na kung saan maging Israelita o Palestina man nararamdaman nilang sila’y ligtas, may kalayaan at may pantay na karapatan sa ilalim ng demokratiko at may soberenyang estado. Hindi na kailangan pang maulit ang pananakop at masaker at walang saysay na pagpatay, maging indibiduwal o kolektibo man tulad ng nangyayari ngayon sa Gaza.

Tinatawagan namin ang mga Iglesia na gawin ang kanilang mga responsibilidad patungo sa Lupang Pangako, ang lupang kanilang tinubuan, kung talagang nagmamalasakit sila sa kanilang pinagmulan, at sa Lupang Pangako at sa mamamayan nito. Maraming mga Iglesia ang nagsasawalang kibo at natatakot kumilos. Kailangang magbigay presyur ang mga Iglesia sa Israel at sa gubyerno nito na tapusin ang kawalang katarungang nangyayari sa bansang ito at papanagutin sila sa kanilang krimen sa sangkatauhan. Higit na napapanahon ang ganitong uri ng diplomatikong presyur sa ngayon. Ito ay patungkol sa pagliligtas ng buhay gayunpaman pinapanagot din nito ang mga may sala sa kanilang krimeng ginawa. Kahalintulad ng Internasyunal na mga pagkilos, ito ang panahon upang magkaroon ng Economic and Military Sanctions.

Kapahayagang ito ay ginawa noong 24th ng Hulyo 2014: “Diplomatic pressure for Peace: A call for Sanctions” from Kairos Palestine and National Coalition of Christian Organization in Palestine (NCCOP)

“Ang panawagan ko’y pakikiramay sa mga taong nakapaligid sa akin—Hindi ako nanawagan ng pagkamuhi”

Ni Widad Shabani

Ano nais mong gawin ng iyong mga kababayan?

Ang sinasabi kong ito ay mula sa mga mamamayang Palestina, kami — maging Kristiano at Muslim man — lahat ay nanalangin para sa kapayapaan at kalayaan hindi lamang para sa mga mamamayang Palestina kundi para sa lahat ng mamamayan sa daigdig. Ako ay isang ina at bilang ina batid ko ang nararamdaman ng bawat tao na nawalan ng kanilang mahal sa buhay, hindi mahalaga kung sila’y Hudyo, Kristiano o Muslim.

Nanawagan ako ng pakikiramay sa aking mga kababayan — hindi ng pagkamuhi. Tao tayong lahat, mayroong iisang pakiramdam at lahat tayo ay nagdurusa sa ilalim ng panunupil ng Israel.

Ano ang nais mong gawin ng iyong mga kapatid sa buong daigdig?

Nais kong sabihin sa aking mga ate at kuya sa buong daigdig, makipagkaisa kayo sa amin, suportahan ninyo kami, masdan ninyo ang aming katauhan na nahihirapan dahil sa panunupil ng Israel sa aming pangaraw-araw na buhay. Inaanyayahan ko kayo aking mga ate at kuya sa buong daigdig na dalawin ninyo kami dito at bisitahin ninyo ang bansang Palestine at ang mamamayang Palestina, maglaan kayo ng oras upang sila’y pakinggan, dinggin ang kanilang mga kuwento, at ng maunawaan ninyo

silá. Nais kong sabihin sa aking mga ate at kuya sa buong daigdig masdan ninyo ang aming abang kalagayan, kami'y mga tao na nagdurusa.

Widad Shabani, ipinanganak noong 1936 sa Lumang Siyudad ng Jerusalem, nabibilang sa isa sa tatlong pamilyang natitirang naninirahan sa loob ng tinatawag na "Siyudad ni David" sa Silwan. Mayroon siyang dalawang anak na babae at anim na anak na lalaki at siya'y lola sa kanyang 23 mga apo. Noong taong 1980, namatay ang isa sa kanyang mga anak na lalaki noong siya'y edad 16 na taong gulang pa lamang, pinagsasaksak siya ng mga nanirahang Israelita.

"Alalahanin natin ang Bethlehem sa buong isang taon, hindi lang tuwing Pasko."

Ni Victor Bartaseh

Ano ang nais mong gawin ng iyong mga kababayan?

Ang mensahe kong ito'y nagmula sa aking puso, mula sa aking pananalig bilang Kristianong Palestina para sa aking mga kapwa Kristiano na nasa Banal na Lupain. Kayo ang mga manlalakbay, nagsasalita at buhay na bato ng mga Banal na Lugar. Tinatawagan ko kayo na magkaisa na tulad ng isang malakas na katawan upang malagpasan ninyo ang kaguluhang ating pinagdaraan bilang mga Kristiano mula sa Silangan sa panahon ng kritikal na yugtong pampulitika na mayroon tayo sa kasalukuyan. Tinatawagan ko kayo na huwag ninyong lisanin ang inyong lupain, ang inyong tahanan, ang inyong mga puno ng olibo at ang inyong taniman ng mga punongkahoy at prutas. Manatili kayong matatag sa inyong lupang tinubuan, kailangan kayo ng lupaing ito. Kayo ang orihinal na naninirahan sa lupaing ito. Ang Lupaing ito ay pag-aari ng inyong mga dakilang ninuno; kayo ang namumukadkad na hardin ng lupaing ito na nagsasabog ng bango at diwa ng pag—ibig at kapayapaan sa buong Daigdig.

Ano ang nais mong gawin ng iyong mga kapatid sa buong daigdig?

Ang aking mensahe sa aking mga ate at kuya sa buong Daigdig: alalahanin ninyo na mayroong mga Kristianong Palestina na naninirahan sa Banal na Lupain; alalahanin ninyo na sa Bethlehem nagmula ang pananampalatayang Kristiano at ang bituing sumikat sa Bethlehem na nagniningning sa buong daigdig naghahatid ng mensahe ng pag—ibig at kapayapaan, bagama't kami'y namumuhay ng walang kapayapaan sa likod ng mapanghating pader at pagkapoot. Alalahanin ninyo kaming mga tagapangalaga ng mga Banal na lugar. Alalahanin ninyo kami hindi lamang tuwing sasapit ang kapaskuhan sa halip sa bawat ng araw ng taon.

Pumunta kayo rito bilang mga manlalakbay maglaan kayo ng mahabang oras upang makipagkaisa sa amin, pagkalooban ninyo kami ng katatagan at lakas ng loob upang makapanatili kami sa aming Lupain at tahanan, nang sa gayo'y ang paniniwalang Kristiano at diwa ay manatiling namumutawi sa Banal na Lupaing ito.

Kailangan namin ang inyong pakikipagkaisa sa aming ligal at makatarungang adhikain sa pamamagitan ng inyong mga guberno nang sa gayo'y magwakas na ang nakapangingilabot na

pananakop ng Israel sa aming lupang tinubuan. Kailangan namin ang inyong tulong upang itulak ang inyong gubyerno na magbigay presyur sa gubyerno ng Israel na ipatupad ang lahat ng resolusyon ng UN na may kaugnayan sa tunggaliang Palestina at Israel sa lalong madaling panahon upang kamtin ang matagal na naming minimithing kapayapaan hindi lamang sa para sa aming bayan gayundin para sa buong daigdig.

Dr. Victor Hanna Jubrail Batarseh, ipinanganak noong 1934 sa Bethlehem, siya ang Director ng Beit Sahour Medical Center. Aktibo siya sa mga gawaing politikal at sosyal sa Bethlehem Community at nahalal bilang Mayor ng Bethlehem simula srom 2005 until 2012.

“Kung nangangarap ka, magagawa mo itong magkatotoo” — Walt Disney

Ni Sukaina Khalawi

Ano ang nais mong gawin ng iyong mga kababayan?

Habang sinusulat ko ang artikulong ito hindi mawaglit sa aking isipan ang isang napakalungkot na pangyayari; saksi kami sa marahas na pag—atake ng mga puwersang mananakop laban sa mamamayang Palestina. Aking nararamdaman ang presensya ng kaluluwa ni Mohammad Abu Khdair sinunog ng buhay at kailanman ay hindi sumusuko. Sa aking pagkakaalam sa kasaysayan ng daigdig, walang hihigit pa sa aming pakikibaka para sa tunay na kalayaan. Nais kong iparating sa inyong lahat na ang pakikibaka ay hindi lamang sa pamamagitan ng paghawak ng sandata o pagkakaroon ng mga tankeng pandigma. Hindi — pakikibaka ay tungkol sa pag—ibig natin sa lupang tinubuan, ito ay paniniwala sa ating adhikain, pakikibaka ay pagpapalalim ng kamalayan ng ating mga anak kung paano nila mamahalin ang ating lupang tinubuan at maging tunay na yaman para sa ating bansa. Kaya’t nais kong iparating sa inyong lahat kasama na ang inyong lingkod, magsama-sama tayo ating ipagtanggol ang ating minamahal na Palestina, panatilihin ang ating lupain, at i—boycott ang anumang gawain o aktityud o produkto na nagpapanatili ng pananakop, panatilihin natin ang tibay ng pananalig na darating rin ang maaliwalas na bukas at sa malao’y sisikat rin ang araw.

Ano ang nais mong gawin ng iyong mga kapatid sa buong daigdig?

Kaming mga Palestina mahal namin ang aming buhay at naniniwala kami sa inyong pakikipagkaisa, sa pamamagitan ng inyong suporta, sa inyong paniniwala sa aming mga adhikain at sa inyong pananalig na makatarungan ang aming adhikain, sa inyong mga hakbangin upang ipalaganap ang mga mensahe naming ito at sa inyong pagtutulak sa inyong mga gubyerno na itigil na ang pagsuporta sa pananakop, magkakaroon ng katuparan ang pangarap naming kalayaan.

Sukaina Khalawi, born in Bethlehem in 1982 holds a Master degree in Human Rights and a BA degree in Social Work and Psychology. Currently she is working as Grant Management and Program Development Officer at Defence for Children International-Palestine (DCI) and as Regional Coordinator for Middle East and North Africa DCI Network.

Kailangang pagtagumpayan natin ang imposisyong ligal—politikal na panghahating ginagawa ng Israel

Ano ang nais mong gawin ng iyong mga kababayan?

Sa nakalipas na sampung taon unti—unti ng nauunawaan ng mga Palestinian sa buong daigdig na iisa ang aming dinaranas na kaapihan. Ang mamamayang Palestinang nasa Israel (pagkatapos ng taong 1948 ang 150,000 mga Palestina na nanatili sa Nakba ay umaabot na ng 1.2 milyon); mga Palestinang naninirahan sa Jerusalem (nagsimula silang manirahan noong 1967, subalit walang pinanghahawakang papeles na nagpapatunay ng pagiging mamamayang Israelita); mga Palestinang naninirahan sa ilalim ng pananakop militar simula 1967 sa West Bank at Gaza Strip; at mga Palestinian Refugees na naninirahan sa iba't-ibang panig ng daigdig. Mayroong limang ligal na magkakaibang kategorya ang mamamayang Palestina, at kinakatawan nila ang mga pampulitikang pagkakahati na umusbong sa paglipas ng mga taon.

Ang 'prosesong pangkapayapaan' na sinimulan sa Oslo noong maagang yugto ng taong 1990 ang siyang nagbaon ng pampulitikang pagkakahating ito, hindi kabilang rito ang mamamayang Palestina sa Israel at ang mga Palestinian refugees (kasama ang mga pinalayas na naninirahan sa loob ng Israel) na nagsimula sa prosesong pulitikal na siyang nagtatakda ng kanilang magiging kinabukasan. Ito ang malawak na mayorya ng mamamayang Palestina (higit 7 milyong refugees, at 1.2 milyong mamamayang Palestina na nasa Israel — labas sa kabuong bilang na 11 milyon sa buong mundo) mga itinakwil at walang katiyakan ang magiging kinabukasan.

Ang sumisidhing kabiguan na nagmumula sa 'prosesong pangkapayapaang' hindi naglalayong kamtin ang pagkakasundo sa pagitan ng Palestinian at Israel, ang siyang nagtulak sa maraming Palestina na magbago ang posisyon. Tanging sa pamamagitan ng pag-uugat sa mga pangunahing dahilan ng tunggaliang ito makakamit ang akmang solusyon. Makikitang ang kaapihang dinaranas ng mamamayang Palestina ay hindi nagsimula noong maganap ang pananakop taong 1967, sa halip nagsimula ito ng mamutawi ang ideolohiyang Zionist, napakahalagang maunawaan ito sa ating pakikipaglabang heograpiya, ligal at pampulitikang pagkakahati—hati ng Palestinians. Tukuyin na ang Zionismo ang kalaban ng Palestina at saan mang dako ito ang nagsisilbing batayan ng lumalakas na aktibismong Palestina sa kasalukuyan, at ito ang magiging susi sa anumang pagkilos sa hinaharap.

Kailangang magkaroon ng pampulitikang pagkakaisa ang mamamayang Palestinian. Kailangang pagtagumpayan natin ang mapanghating imposisyong ligal ng Israel. Kagyat ang pangangailangan na magkaisa tayo sa ilalim ng iisang pampulitikal na organisasyon na kakatawan sa lahat ng Palestinian. Maaaring ito'y mangahulugan ng rehabilitasyon ng Palestine Liberation Organization (PLO), o dili kaya'y paglikha ng bagong organisasyon na siyang kakatawan sa pagkakaisa ng lahat ng organisasyon.

Ano ang nais mong gawin ng iyong mga kapatid sa buong daigdig?

Napakahalaga ng internasyunal na pakikipagkapatiran sa pakikibaka ng mamamayang Palestina. Kailangang palakasin ang tinig ng mamamayan upang mapuwera ang kanilang gubyrno, iba't—ibang samahan at pribadong serktor. Pakikipagkaisang aktibismo kasama ang mamamayang Palestine na ang batayan ay pangkasaysayang pagkaunawa sa nabanggit na ugat ng tunggalian, at siyang inilundo ng kampanyang Boycott, Divestment at Sanctions (BDS) laban sa Israel, hanggang

mapilitan silang sundin ang mga internasyunal na batas at unibersal na prinsipyo tungkol sa karapatang pantao.

Ang global na kampanyang BDS ay kailangang magtuloy—tuloy hanggang tuparin ng Israel ang kanyang mga obligasyon na kilalanin ang di maitatatwang karapatan ng mamamayang Palestian na magpasya para sa kanilang sarili at sundin ang lahat ng hinihingi sa ilalim ng mga international na batas sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. Tapusin na ang pananakop at pangongolonya sa lahat ng lupaing Arabo at wasakin na ang Pader
2. Kilalanin ang mga pundamental na karapatan ng mamamayang Arab—Palestinian sa Israel para sa tunay na pagkakapantay-pantay; at
3. Igalang, protektahan at itaguyod ang karapatan ng mga Palestinian refugess na makabalik sa kanilang mga tahanan at pag-aari ayon sa isinasaad ng resolusyon ng UN taong 1994

Manar Makhoul is the Manager of Research and Production Unit at BADIL Resource Center for Palestinian Residency and Refugee Rights. Manar holds a PhD degree in Middle Eastern Studies from the University of Cambridge.

Sa pagbabalikatan ng bawat rehiyon magagawa nating makahulagpos at magtagumpay!

Ni Sana Malash

Ano ang nais mong gawin ng iyong mga kababayan?

Ako ay isang babaeng refugee na nakatira sa maliit na kampo na tinatawag na kampong Aida, sa kabila lang ito ng mapanghating pader. Tunay na napakahirap mabuhay sa isang napakasikip na lugar, halos magkakadikit ang mga bahay. Higit sa lahat magulo ang kalagayan sa kampo, madalas binabato kami ng tear gas ng mga tila baliw na mga sundalong Israelita, halos hindi kami makahinga.

Bilang babaeng Palestina na araw—araw hinaharap ang nakakatakot na kalagayang ito, sinasabihan ko ang aking mga kababayan na magtulong-tulong kahit pa napakagulo ng aming kalagayan, sa pamamagitan ng pagbibigay ng pag-aaral tungkol sa paunang lunas at iba pang mga gawain na makakatulong sa mga bata (dahil tanging ang kampo lamang ang kanilang palaruan).

Kailangan din nilang magsikap upang abutin ang kapayapaan aming hinahangad. Pagod at tensyonado na kami sa sitwasyon naming ito, ito na ang panahong upang maramdaman namin na kami'y ligtas. Nabubuhay kaming taglay ang takot para sa aming mga anak na humaharap sa napakaraming problemang panlipunan. Upang abutin ito, kailangan naming magtulong—tulong na magkaroon ng konkretong plano na makakatulong sa mga kababaihan, bata, at pati na rin sa mga aestudyante, sapagkat walang magagandang oportunidad ang naghihintay sa kanila na magamit ang kanilang pinag—aralan. Mahalaga ring manatiling nakaugnay sa mga kabataan, ito ang pinakamabisang paraan upang mapalalim ang kanilang karanasan sa lipunan. Sa pagbabalikatan ng bawat rehiyon magagawa nating makahulagpos at magtagumpay.

Ano ang nais mong gawin ng iyong mga kapatid sa buong daigdig?

Ang tanong ay simple lang; Bakit kailangan pang hintaying humingi ng tulong sa mamamayan ng daigdig ang mga Palestinian? Hindi ba't normal lang na pagkaloobang ng kahit anumang tulong at

suporta ang mga kapatid nating nilalabag ang karapatan sa ibang panig ng daigdig? Ang pagggawa ba ng tama at pagtulong sa mga bulnerableng mamamayan ay kailangan pang sabihin?

Ipagpaumanhin ninyo ang sasabihin kong ito, ang mas nakararaming mamamayan sa daigdig ay bulag sa katotohanan sa nangyayari sa mamamayang Palestina na binubusabos ng mananakop na Israel nagagawa nila nito dahil sa direkta at di direktang suporta na kanilang natatanggap mula sa mga dayuhang bansa. Bilang babaeng Palestinian na naninirahan sa refugee camp, naranasan ko na ang lahat ng uri ng pagpapahirap, diskriminasyon at pagmaltrato ng mga mananakop na Israelita. Ang nais ko lang naman ay malaman ng mamamayan ng daigdig ang mga negatibong epekto ng media sa buhay namin; kailangan ninyong malaman ang mga nangyayari sa mamamayang Palestinian at alamin ang konkretong kalagayan mula sa mga pahayag ng mamamayan at hindi lang mula sa media. Maraming katotohanan ang pinapatay sa mga pahina at mga istoryang iniuulat ng media. Gayunpaman, ang tunay na mamamayang Palestina na nagdusa at patuloy na nagdurusa mula sa marahas na pananakop, ay hindi kailanman mag-aalinlangan na sabihin sa inyo kung gaano kami nawalan at nasaktan. Bilang karagdagan, kung patuloy na makatatanggap ng suporta at ayuda ang Israel mula sa mga dayuhang bansa, sa iba't-ibang anyo ng mga proyekto o pinansyal na tulong, papaano magwawakas ang malakas na kapangyarihang mayroon ang Israel? Kung kaya't, marapat na ang suportang ito ay ipagkaloob na lang sa mamamayang Palestina silang tunay na nangangailangan upang mapaunlad ang kanilang pamayanan at makamit ang mga kinakailangang ayuda upang muli ay kamtin ang kanilang mga batayang karapatan.

Naniniwala ako na hindi ang prosesong pangkapayapaan ang solusyon. Hangga't umiiral ang mapang-abusong kapangyarihan at banta sa buhay ng mga mahihina at nangangailangang mamamayan (halimbawa ang kaso ng Palestinian), ang prosesong pangkapayapaan ay dagdag termino lamang sa mga pinagtibay ng mga internasyunal na kumbensyong layon ay tapusin ang kasawian at pagdurusa ng mga inaaping mamamayan, ngunit ang lahat ng ito ay nananatiling sa papel lamang.

Kaya't muli kong uulitin ang ang aking sinabi ipagkaloob natin ang lahat ng moral at mateyal na suporta sa mamamayang Palestino, silang tunay na biktima!

Sana Malash ipinanganak noong 1987 sa Aida Refugee Camp sa Bethlehem. Nagtapos siya ng kursong BA in Computer Science at kasalukuyang nagtatrabaho sa UNWRA.

Limang Taon ng Kairos Palestine

Ekyumenikal na Palestinang Panawagan para Kumilos

Kairos: Ngayon na ang oras para kumilos

Ni Nora Carmi

Marami sa inyo ay nakasama ng Kairos Palestine simula ng ilabas namin ang dokumentong pinamagatang "A Moment of Truth" sa Bethlehem limang taon na ang nakararaan. Mula sa panulat ng 15 ekyumenikal na babae at lalaking lider Kristiano, lider relihiyon at intelektuwal, ang dokumento ay panaghoy ng nagdurusang mamamayang Palestina na sinalaysay sa diwa ng

pananampalataya, pag—asa at pag—ibig. Hindi ba ito ang tatlong aral ng ating pananampalatayang Kristiano? Sa ngayon, ang dokumento ay naglalalag ng agenda, pamamaraan ng buhay na katanggap—tanggap sa maraming lokal na populasyon, pinagpala ng mag lider simbahan at kilalang tao sa larangan ng pulitika maging lokal, rehiyunal at tama, patungo na tayo sa pandaigdigang kilusan para pagkakamit ng katarungan at katwiran. Nang bumisita si Papa Francis, noong Mayo, pinagtibay ng Lebanese Maronite Patriarch of the Middle East, Cardinal Bishara Ra’i ang dokumento ng Kairos Palestine sa panahon ng pangwakas na pananambahan sa Beith Sahour at mula mismo sa bigbig ng Papa ay kanyang sinabi: “Ito ang Daan Patungo sa Kapayapaan.

Para sa marami na hindi pamilyar sa salitang Kairos, hayaan ninyong simulan ko ang pagpapaliwanag sa salitang Griyego na ito. Patungkol ito sa kalitatibong panahon na magaganap ayon sa kalooban ng Diyos. Sa simpleng salita, ito ay ang pangkasalukuyang sandali, panandaliang pagkakataon, panandaliang pagpapasya, na kung saan ating nakikita ang kadakilaan ng biyaya ng Diyos, sa gitna ng pagdurusa ng lupain at ng mamamayan, tinatawagan tayo para tumugon, kumilos, matransporma at magbago. Nangyari ito sa Timog Aprika noong 1985 at batid naming mangyayari ito sa Palestine/Israel, sa Gitnang Silangan at sa iba pang mga bansa. Ang panawagan namin ay para sa atin, Palestinian, Muslim, Kristiano at Hudyo, mga Simbahan, mga tapagpatupad ng batas at sa internasyunal na pamayanan. Ang pinakalayunin ng Panawagan ng Kairos ay katarungan para sa lahat. Sa lupain kung saan ang mga propeta ay nanawagan ng katarungan hindi bababa sa 200 beses itong sinambit sa Lumang Tipan, mayroong dalawang mamamayan, mga Israelita at mga Palestina na may tatlong relihiyon, Hudaismo, Kristianismo at Islam lahat sila’y nauuhaw sa makatarungang kapayapaan — matagal na nila itong pinanabikan — subalit sila man ay hindi nila batid kung anong mga “bagay ang maghahatid ng kapayapaan”.

Kung ang paghihirap, pagkaapi, pagpapalayas at hayag na apartheid ay nangyayari higit anim na dekada na ang nakalilipas, ito’y dahil sa mga kadahilanang isinasaad sa dokumento ng Kairos:

1. Mga teolohiyang binibigyang katwiran ang mga krimen at ginagawang lehitimong ang pang—aapi at pananakop. Ang teolohiyang ito ay malayo sa mga katuruang Kristiano dahil ang tunay na teolohiyang Kristiano ay teolohiya ng pag—ibig at pakikipagkaisa sa mga inaapi. Ito ay panawagan para sa katarungan at pagkapantay—pantay ng mga tao. Ito ang aking paniniwalang Kristiano nakabatay sa halimbawa ni Jesus Kristo. Ito rin ba ang sa iyo?
2. Ang pagiging di makatarungan ng Israel, ang pagbalewala nito sa mga internasyunal na batas at internasyunal na mga resolusyon gayundin ang kawalan ng lakas ng mga ligal na istruktura at tanggapan ng UN upang ipatupad ang mga pinagtibay na mga batas ang siyang sana’y magtutuwid at magpapanagot sa Israel sa ginagawa nilang pang-aapi at pananakop, at iba pang estado na sa sangkot sa malawakang paglabag sa karapatang pantao.

Nong 2009, buong tapang na idineklara ng mga Kristianong Palestina na ang pananakop militar ng bansang Israel sa aming lupain ay kasalanan sa Diyos at sa sangkatauhan, sapagkat winawasak nito ang imahe ng Diyos sa mga Israelita ng siya’y maging mananakop tulad ng pagwasak ng huli sa

imahe ng mga Palestinang namumuhay sa ilalim ng kanyang pananakop at ipagkait ang mga batayang karapatang pantao na ipinagkaloob ng Diyos.

Ginagamit ng pananakop na ito ang pangalan ng Diyos upang bigyang katuwiran ang karahasan kahalintulad ng pagpapasunod sa Diyos sa interes ng tao at pagsira sa banal na imahe ng sangkatauhang namumuhay sa ilalim ng magkaparehong di makatarungang pampulitika at pangteolohikal na kalagayan. Sa Dokumentong ng Kairos pahina 2.5 ay malinaw na isinaad:

Amin ding idinedeklara na ang pananakop ng Israel sa bayang Palestina ay kasalanan sa Diyos at sa sangkatauhan sapagkat ipinagkakait ng bayang Israel ang mga batayang karapatan ng mamamayang Palestina na kaloob ng Diyos sa sangkatauhan. Sinisira nito ang imahe ng Diyos mayroon ang bayang Israel ng magi itong mananakop at sirain ang imahe ng mga Palestinang namumuhay sa ilalim ng kanyang pananakop. Dinedeklara namin na anumang teolohiya na maaaring nakabatay sa Bibliya o pananampalataya o sa kasaysayan ng mga unang mananampalataya, na ginagawang lehitimo ang pananakop, ay malayo sa katuruang Kristiano, sapagkat ginagamit nito ang pangalan ng Makapangyarihang Diyos habang nanawagan ng karahasan at digmaan, katumbas nito'y pagpapasunod sa Diyos sa makasariling interes ng tao, at pagsira sa banal na imahe ng mamamayang isinailalim sa parehong di makatarungang pampulitika at pangteolohiyang kalagayan.

Kung magkagayon papaanong ang pananampalataya, pag-asa at pag-ibig ay makakatulong upang kamtin ang pangitain ng Kairos?

Pananampalataya:

Sumasampalataya kami sa iisang Diyos, mabuti at makatarungang Diyos. Sumasampalataya kami na ang bawat tao ay nilikha ng Diyos ayon sa kanyang wangis at kaangkinan at ang dignidad na siyang nagbibigay ng esensya sa bawat isa ay siya ring dignidad mayroon ang Makapangyarihan. Sumasampalataya kami na si JesuKristo ay naparito upang tuparin ang kautusan at ang sinabi ng mga propeta. Lahat ng mga propesiya ay nagkaroon ng katuparan sa kanya at sa pamamagitan niya. Sumasampalataya kami na ang Salita ng Diyos ay buhay na salita, na siyang nagsasaboy ng liwanag sa bawat yugto ng kasaysayan. Hindi katanggap—tanggap na ituring na salita ng Diyos ang mga sulat na nahayag sa mga bato at ipinasa sa mga sumunod na henerasyon na siyang nagliligaw sa pag—ibig ng Diyos.

Sumasampalataya kami na ang aming lupain ay may unibersal na misyon. Ang kahulugan ng mga pangako, ng lupain at pagkahirang ng bayan ng Diyos kasama ang buong sangkatauhan. Ang pangakong lupain ay hindi nangangahulugan ng pampulitikang programa sa halip ito ay pasimula pa lang upang kumpletuhin ang pangkalahatang kaligtasan. Ang ating pagkakaugnay—ugnay sa lupaing ito ay natural na karapatan. Ito ay usapin ng buhay at kamatayan at naniniwala kami na ang salita ng Diyos ay hindi magdadala sa amin ng pagkawasak.

Ito ang aming tugon sa mga teolohiyang kumakatig sa mga nangaapi kakabit ng mga bibliikal at teolohiyang binibigyang katwiran ang malawakang pagyurak sa aming mga karapatan. Kaya ang mga

pangakong maling naipapaliwanag ay nagdadala ng panganib sa aming pag-iral at ang “mabuting balita” ay nagdadala ng kamatayan.

Una ay mga teologo: Palalimin pa ninyo ang
inyong pagninilaynilay tungkol sa
Salita ng diyos upang ituwid ang inyong
dati at maling mga pagkaunawa nang
sa gayo’y maunawaan ninyo na ang salita ng
Diyos ang siyang pinagmumulan
ng buhay ng lahat ng mga tao.

Pag-asa:

Kailangang mapag-iba natin kung ano ang pag—asa at pagiging positibo, dahil ang kasalukuyang sitwasyon ay hindi naglalayon ng madaliang solusyon. Batay sa ginagawa ng Israel sa kasalukuyan malinaw na wala tayong positibong maaasahan. Sa kabilang banda, una at higit sa lahat ang pag—asa ay nangangahulugan ng pananampalataya sa Diyos.

Pag—asa’y nangangahulugan din ng pag—asam sa pagdating ng mas magandang kinabukasan kasabay ang pagpawi sa anumang ilusyon. Batid namin na sadyang malayo pa ang inaasam nating kapayapaan ngunit kung ating tatanggapin na tayo’y kamanggagawa ng Banal na Espiritu na nakikipanayam sa atin, kakamtin natin ang lakas upang manatiling tinatanaw ang ating pangitain, manatiling matatag at nakikisangkot para baguhin ang kasalukuyan. Pag—asa’y hindi nangangahulugan ng pagsuko sa kasamaan bagkus ito’y pagpapatibay ng ating pinaninindigan at pagpapatuloy ng pakikibaka. Tayong mga iglesia sa Palestina natutunan nating magpalakas sa pamamagitan ng pag—iibigan sa isa’t-isa sa halip na paghihiganti, kultura ng buhay sa halip na kultura ng kamatayan. Ito ang balon ng pag—asa para sa atin, para sa Iglesia at sa sandaigdigan. Tayo, mga Palestinian, mananatili tayong sumasaksi, matatag at aktibong iglesia sa lupain ng Muling Pagkabuhay.

Ang ikalawang hamon ay para sa Iglesia: Misyong ng iglesia ang maging propeta ng kasalukuyang panahon; magpahayag kayo ng buong tapang, katapatan at may pag-ibig. Kung kinakailangan ninyong kumatig, katigan ninyo ang mga inaapi, at bilang mga tagasunod ni Cristo samahan ninyo ang mga makasalanan ipanawagan ninyo ang pagsisisi, buhay at pagpapanumbalik ng dignidad na ipinagkaloob ng Diyos at sinuma’y walang karapatang yurakan ito.

Pag-ibig:

Ang utos ng pag—ibig, ibigin ang inyong mga kaaway at ipanalangin yaong mga umuusig sa inyo ay madaling sabihin kaysa gawin. Pag—ibig na nagtutuwid ng kasamaan at nagpapatigil ng pananakop. Kung kaya't aming nauunawaan na ang aming pakikibaka ay kapahayagan ng pag—ibig. Ang pag-ibig ay nag-iimbata sa atin na makibaka at ang pakikibaka ay isang karapatan, ito'y tungkulin ng mga Kristiano, kung ang pakikibaka ay nasa diwa ng pag—ibig ito'y nagiging makatotohanan. Tinatawag namin itong

- Mapayapang pakikibaka tulad ng linggu-linggong martsa sa mga pamayanan sa West Bank laban sa pader at pangangamkam
- Pagsuway na sibil
- Divestment at pang-ekonomiya at pangkomersiyal na pagboykot sa bawat produktong ginawa ng Israel at na siyang nagpapalakas ng pananakop. Ang layunin ng kampanyang ito'y hindi upang maghiganti sa halip bigyang wakas ang pag—iral ng kasamaan, parehong mapalaya ang nang-aapi at ang biktima mula sa kawalang katarungan. Ang layunin ay mapalaya ang magkatunggaling puwersa mula sa kanilang magkasalungat na posisyon.

Tinatawagan ka ng Kairos:

Ang apila namin sa inyo ay ito: Tutulongan ba ninyo kami na muling mapanumbalik ang aming kalayaan? Nauunawaan ba ninyo na ito ang tanging paraan upang tulungan ang dalawang bayan na kamtin ang matagal na nilang minimithing katarungan, kapayapaan, seguridad at pag-ibig?

Sa antas lokal, ang Kairos ay umusad mula sa pagiging dokumento patungo sa isang kilusan na inaaari ng lahat ng organisasyong pangsimbahan at mga grupo kasama ang National Coalition of Christian Organizations sa Palestine (NCCOP) na kung saan ang lahat ay may kanya—kanyang tungkulin at responsibilidad batay sa kakayahan ng mga organisasyon tulad ng relief at adbokasya. Ang aming pakikipag-ugnayan sa pang-internasyunal na arena ay dahil sa malaki ang aming paniniwala sa kapangyarihang mayroon ang iglesia. Hindi kailanman kami matatakot sa ginagawang pagloloji ng mga Hudyo, o maging paralisado kami o tuluyan ng manahimik, habang kami ay dinadagukan ng aming konsensya dahil sa hindi namin pagkilos. Ang konsepto ng transformasyon ng Kairos ay magbibigay benepisyo para sa lahat para sa ating mga Palestina. Ito'y panawagan upang suriin natin ang ating mga paninindigan, tanggapin ang ating mga pagkukulang at pagkakamali at sama—samang humakbang tungo sa ganap na paglaya.

Ang mensaheng ito'y nagpapatunay lamang na sa ating pagsasama-sama makakamit natin ang inaasahang pagbabago. Hinahamon ko kayo sa Panahon ng Pagdatal maglakbay kayo papunta sa amin o dili kaya'y alalahanin ninyo ang munting bayang ito na bahagi ng daigdig at ang hamak na sabsaban na kung saan unang ipinahayag ang kapayapaan. Pagkatapos ng pagtitis ng mga

mamamayan sa lugar na ito ngayong taong 2014, lalo't higit sa Gaza, ang panalangin ko nawa'y ang paparating na Pasko ay maging natatangi para sa inyo at sa inyong mahal sa buhay at "Nawa ay magkaroon ng kapayapaan sa lupa tulad ng sa langit."

Nora Carmi

Project Coordinator—Kairos Palestine, A moment of truth

Ang Cristo ay isinilang at nahayag
"Pinagpala ang Kristong nahayag"

Ito ay mensahe ng Pasko hatid sa inyo ng mga kapatid natin mula sa Armenian Othodox, mga pari at layko, na naghahatid sa inyo ng mabuting balita ni JesuKristo ipinanganak na banal at nahayag sa sandaigdigan.

Ang Diyos ay nagkatawang tao sa pamamagitan ng kapanganakan ng Kanyang Anak na si Jesus sa Bethlehem higit dalawang libong taon na ang nakalilipas sa pamamagitan ng birheng Maria at siya'y nakipamuhay sa sangkatauhan ng walang bahid ng kasalanan. Siya'y nagkatawang tao upang muli papanumbalikin ang sangkatauhan sa biyaya ng Diyos na dagling nawalay dahil sa pagsuway ng tao sa kalooban Niya at dahil dito'y nahatulan siya ng kamatayan. Nilikha ng Diyos si Adan ayon sa kanyang wangis at hiningahan Niya siya ng Kanyang Banal na Espiritu. Ngunit tinukso ng demonyo si Adan sa pamamagitan ni Eva, upang kanin ang bunga ng ipinagbabawal na punongkahoy ng buhay. Kinain nila Adan at Eba ang bunga nito kaya't sila'y nagkasala. Ang ating Panginoong JesuKristo, ang nag-iisa at Bugtong na Anak ng Diyos, siya'y naparito sa lupa bilang pangalawang Adan, upang tubusin tayo mula sa ating mga pagkakasala at ng sa gayo'y magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan. Ang Kanyang na banal na pagsilang ay ipinahayag ng mga kawan ng mga anghel na nagpupuri at umaawit "Papuri sa Diyos at sa kaitaasan, at sa lupa'y kapayapaan." Sa ganitong paraan ang kanyang mensahe ng kapayapaan at pag—ibig ay ibinigay sa sangkatauhan upang magmahalan tayo at ang kapayapaa'y umiral sa daigdig at sa kalauna'y mapawi na ang pagkamuhi at mga digmaan. Si JesuKristo ang Prinsipe ng Kapayapaan, at ang lahat ng sumasampalataya sa Kanya'y maging mapagmahal sa kapayapaan at gumagawa ng daan para sa pagkakasundo.

Ang nakakalungkot sa kasalukuyan walang kapayapaan sa Banal na Lupain, sa Israel at Palestina at maging sa mga karatig bansa nito, tulad ng Syria at Iraq, dahil sa pamamayani ng kasamaan na siyang naghahasik ng pagkapoot at nag-uudyok sa tao na makipaglaban sa kanyang kapwa tao. Tayo'y patuloy na nanalangin para sa kapayapaan at katarungan, para sa pag—ibig at unawaan sa ating rehiyon.

Ang panahon ng kapaskuhan ay panahon upang ipalaganap ang kaligtasang hatid sa sangkatauhan ng ating Tagapagligtas at Panginoon na si JesuKristo at tupdin ang kapayapaan at pag—ibig. Ang mga Kristianong iglesia sa buong daigdig ay nagpapahayag ng mensaheng ito. Sa pamamagitan ng pagdiriwang ng sangkakristianuhan sa araw ng pagsilang ng ating Panginoon tuwing Disyembre 25, ngunit bago pa ito, una ng ipinagdiwang ang kapanganakan at baustismo ng ating Panginoon tuwing Enero 6 sa panahon ng pagdiriwang ng Epipanya o Teopanya, ibig sabihin “ang Diyos ay nahayag” saklaw ang kapanganakan at baustismo ng ating Panginoon.

Ayon sa kasaysayan ang Disyembre 25 ay petsa ng kapistahang pagano na sinimulan noong 274 A.D. bilang pagdiriwang sa kapanganakan ng di nagaping araw na kung saan nagsisimula ang taglamig at lalong nagliliwanag. Nang panahong yaon nabigong tanggalin ng Iglesia sa Roma ang pagdiriwang na ito. Kaya’t noong 336 A.D. nagpasya ang Papa na ilipat ang petsa ng kapanganakan ni Kristo mula Enero 6 patungong Disyembre 25 bilang Araw ng Katwiran at ipagdiwang ang bautismo ng ating Panginoon sa panahong ng Epipanya tuwing Enero 6 kasabay ng pagdalaw ng mga Pantas. Ang pagbabagong ito’y unti-unting tinanggap ng mga iglesia sa daigdig makalipas ang daan-daang taon maliban sa Armenian Orthodox Church na walang nakitang dahilan upang baguhin ang petsa ng pagdiriwang. Kaya’t ipinagpatuloy ng Armenian Orthodox Church ang Enero 6 bilang Epipanya at ipagdiwang ang Kapanganakan at Bautismo ng ating Panginoon ng magkasabay.

Gayunpaman, sa Banal na Lupain ang Armenian Church ay nagdiriwang ng Epipanya tuwing Enero 6 ayon sa Julian Calendar na pinaghalawan ng Gregorian Calendar tuwing Enero 19, 13 araw ang pagkakaiba ng dalawang kalendaryong ito.

Noong 1582 A.D. nalaman ni Papa Gregorio XIII na ang Julian Calendar ay mas mahaba ng labingisang minuto at labinglimang segundo mula sa aktuwal na kalkulasyon sumusukat sa oras at panahon. Isang araw ang idinagdag sa leap year at sampung araw naman ang tinanggal mula sa taong 1852. Ang bagong sukatan ng kalendaryong ito ang ngayo’y ating kinikilalang Gregorian Calendar.

Kung at kailan ang mga iglesia ng Greek Orthodox, Coptic, Syrian and Ethiopian Orthodox churches ay kakalimutan na ang paggamit sa Julian Calendar at gagamitin na ang Gregorian Calendar upang kanilang ipagdiwang ang Araw ng Pasko tuwing Disyembre 25 kasabay ng mga Romano Katoliko at Protestante sa Banal na Lupain, at ang iglesia ng Armenian Orthodox ay magdiriwang ng Kapanganakan at bautismo ng ating Panginoon tuwing Enero 6 ayon sa Gregorian Calendar panahon na ang makapagpapasya kung kailan ito mangyayari.

Gayunpaman, magkakatulad ang diwa ng Pasko sa lahat ng Iglesiang Kristiano magkakaiba man ang petsa ng pagdiriwang. Ang ating Panginoong JesuKristo ay isinilang bilang Tagapagligtas at tagapagdala ng mensahe ng kapayapaan at pag—ibig. Halina’t kilalanin natin Siya bilang ating Panginoon at Prinsipe ng Kapayapaan.

Archbishop Aris Shirvanian, Chancellor of the Armenian Patriarchate of Jerusalem